Tagalog
60-1204M

# Apocalipsis Unang Kabanata

Revelation Chapter One

December 4, 1960
Jeffersonville, IN

Ipinangaral ni
William Marrion Branham

www.biblebelievers.org/messagehub

Ang aklat na ito ay malayang maipalilimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

# Apocalipsis Unang Kabanata

1 Maraming salamat, Brother Neville. Maaari na kayong magsiupo. Sa paniwala ko nasabi minsan, na, “Nagalak ako nang sabihin nila sa akin, ‘Magtungo tayo sa bahay ng Panginoon.’”

2 Ngayon, ikinalulungkot ko na wala tayong lugar, o mapaupuang lugar, para sa lahat ng naririto, at marahil ay dadami pa ito sa pagdaan nitong linggong paparating, dahil sa mga taong magdaratingan, ‘pag nabalitaan nila ang tungkol sa pagtitipon.

3 Ngunit ang dahilan ng natatanging panahong ito ay nais nating . . . Inilagay ng Espiritu Santo sa aking puso ang babala ng kumbiksyong ito na kailangang matanggap ng iglesia ngayong araw ang mensaheng ito. Sapagkat naniniwala akong isa ito sa mga pinakamahalagang mensahe ng Biblia, sapagkat inihahayag nito si Cristo sa Kaniyang iglesia sa panahong ito.

4 At walang sinumang magkakaroon ng sampalataya o kaalaman sa kung ano’ng dapat nilang gawin o puntahan, malibang magkaroon sila ng isang bagay na mapagbabatayan ng kanilang mga kaisipan at pananampalataya. Samakatuwid, kung naipahayag ng Kasulatan si Cristo sa mga huling araw na ito at ang kundisyon ng mga panahon, makabubuti sa atin na saliksikin ito upang malaman natin kung nasaan na tayo.

5 Ngayon, ikinalulungkot natin na wala tayong mas malaking simbahan; isang araw inaasahan nating magkaroon tayo ng ganu’n.

6 At nitong huling apat na araw, lalo na sa pag-aaral ko hinggil dito, sa historikal na bahagi ng Aklat ng Apocalipsis, nakadiskubre ako ng mga bagay na hindi ko kailan man naisip na totoong nangyari. At naghatid ito sa akin ng isang damdamin, na, matapos kong talakayin ang Pitong Kapanahunan ng Iglesia, nais kong magdaos muli ng isa pang gayong serye ng paglalantad sa tunay at bulaang iglesia sa pamamagitan ng kasaysayan at Kasulatan; tulad din naman ng minsang sikapin kong talakayin sa isang sermon ang tungkol sa tunay at bulaang baging na masusumpungan sa Biblia.

7 At sisikapin nating makakuha ng ilang mga upuan. Habang iniisip ko iyon, at nagsisikap na makaupo ang mga tao, susubukan nating makakuha ng ilan pang mga upuan upang subuking punuin ang mga puwang na nandito at sa labas, at ang iba pang nasa paligid, nang sa ganu’n ay makapagpaupo tayo ng kaunti pang mga tao sa panahon ng mga gawain.

8 Ngayon, tungkol dito, hihilingin ko sa bawat isa sa inyong tunay na nagmamalasakit tungkol sa mga bagay na ito na dumalo sa bawat pagkakataon na ipaliliwanag natin ito. Ngayon, hindi ako nagtangka, o nag-isip man na

ako'y [Patlang sa tape—Ed.] . . . magtangkang [patlang sa tape—Ed.] ang dakilang Aklat na ito ng Apocalipsis . . . [Patlang sa tape—Ed.] . . . ng Pitong Kapanahunan ng Iglesia. Ngunit buong taimtim akong umaasa sa Diyos na ihahayag Niya ito sa akin pagdating ko do'n.

9 Ang natural na kasaysayan, na hinango mula sa mga pinaka kilalang mga mananalaysay na alam ko . . . Nasa silid aralan ko sa mga sandaling ito ang may lima o anim na komentaryo, ang "Two Babylons" ni Hislop, ang "Book of Martyrs" ni Foxe, at iba pang dakilang mga aklat tulad ng Pre-Nicene Coundil," mga apat na aklat niyon, mga apat na raang pahina sa bawat aklat. At ganu'n din sa Nicene Council, at sa lahat ng kasaysayan na maaari nating mapagkunan, sapagkat kasunod nito, mula sa magnetic tape, tayo'y susulat ng isang komentaryo tungkol sa Pitong Kapanahunan ng Iglesia upang maipadala sa buong mundo, kung magagawa natin, sapagkat tayo ay nasa mga huling araw na. Tayo ay nasa huling panahon na.

10 Hindi ito sumagi nang husto sa puso ko hanggang sa maganap ang huling halalan, at pagkatapos no'n ay nakita ko kung nasaan na tayo. At nagsimulang ihayag sa akin ng Espiritu Santo na dapat akong magbabala sa mga tao at upang ito ay matukoy. At hindi ko iyon lubos na magagawa sa isang iglesiang tulad nito. At kung uupo naman ako at isusula na lang ang aklat . . . Nadarama ko na kung magpupunta ako sa pulpito at ang inspirasyon na nasa kalagitnaan ng mga Cristiano ay dumating sa akin upang ako ay tulungan, kung magkagayo'y mas kakayanin kong isulat ang aklat sa pagkakataong iyon, matapos na hanguin ko iyon sa tape, dahil doon ay makukuha natin ang inspirasyon nito.

Anopa't ang mga aklat ay iwawasto nang kaunti, sapagkat dito ay may mga bagay tayong mailalahok na hindi natin maaaring ilagay sa aklat. At tayo rin naman ay . . . At nakagugugol tayo ng maraming panahon sa pag-uulit-ulit ng ating sinasabi, ganu'n ako, at iyon ay iwawasto sa aklat. Ngunit sisikapin nating mailagay lahat sa tape, sa abot ng ating magagawa.

11 Ngayon, ang mga tape, gabi-gabi, at ang mga babasahin at iba pa, ay ilalagay ng mga kalalakihan doon sa labas ng gusali.

12 Ngayon, marahil ay hindi ko magawa sa bawat gabi ang tulad sa inako naming sikapin para sa kaluwalhatian ng Diyos, na ihatid itong pitong mensahe ng mga iglesia, o ang Pitong Kapanahunan ng Iglesia sa loob ng pitong gabi, na tinatalakay ang isang kapanahunan bawat gabi: tulad ng sa Lunes ng gabi ay ang Efeso; sa Martes ng gabi, Smirna; Miyerkules ng gabi, Pergamo; Huwebes ng gabi, Tiatira; Biyernes ng gabi, Sardis; at Sabado ng gabi, Filadelfia; at Linggo ng umaga at Linggo ng gabi, ang Laodicea, ang kapanahunan ng iglesiang kinabubuhayan natin, ibinibigay ang kasaysayan ng



God be with you till we meet again!

Ngayon, habang nakayuko tayo.

Till we meet! till we meet!

n'yo ang inyong pagtanggap sa bawat isa. Nais kong tiyakin ng bawat isa na iyan ay magawa nila.

412 At tandaan n'yo, ang gawain ay magsisimula sa ganap na ikapito mamayang gabi, at sa ganap na ikapito at kalahati ay ipangungusap ko ang "Ang Pangitain sa Patmos." Bukas ng gabi, kung loloobin ng Panginoon, mangungusap ako tungkol sa unang kapanahunan ng iglesia, ang Efeso, hinggil sa kapanahunan ng iglesia.

413 Ngayon, aawitin natin ang "Take The Name Of Jesus With You," ang munting awitin ng Tabernakulo bilang pagtatapos. At umawit na ang bawat isa ngayon. Sige.

Take the Name of Jesus with you,

Child of sorrow and of woe;

It will joy and comfort give you,

Oh, take it everywhere you go.

Precious name, O how sweet!

Hope of earth and joy of heaven;

Precious name, (Precious name,) O how sweet!

Hope of earth and joy of heaven.

414 Ngayon, bago natin awitin ang kasunod na talata, nais kong ang mga Methodist, Pentecostal, Catolico, Nazarene, Pilgrim Holiness, ay mag-unat ng kamay sa paligid at makipagkamay sa taong nasa harapan n'yo, nasa tabi n'yo, nasa likuran n'yo, nasa paligid n'yo.

At the Name of Jesus bowing,

Fall... (Magkita tayo mamayang gabi, kapatid.)... feet,

King of kings in heaven we'll crown Him,

When our journey is complete.

O precious name, O how sweet!

Hope of earth and joy of heaven;

Precious name, (Precious name) O how sweet!

Hope of earth and joy of heaven.

Till we meet! till we meet!

Till we meet at Jesus' feet;

Till we meet! till we meet!



orihinal na iglesia, at ng mga may akda, at mga mananalaysay, at ng mga anghel ng kapanahunan, at—at ang mga mensahe, at ang takbo ng iglesia sa paghantong nito sa panahong ito. At kamangha-manghang makita kung papaanong ang bawat hula ng Kasulatan ay ganap na tumutugma sa kasaysayan. Eksaktong-eksakto sa kaisipan niyon . . . Labis ko iyong ikinamangha, na kahapon binasa ko iyon hanggang sa ang pakiramdam ko ay lumuwa na ang aking mga mata.

13 At lumabas ako at sinabi ko sa aking maybahay, "Wala sa hinagap ko na iyon ay ganu'n," (Kita n'yo?), napakadakila niyon.

14 At ngayon, minsan ay maaaring hindi ko matapos lahat sa isang gabi, ang iglesia, ang mensahe sa iglesia. At kung hindi ko matapos sa gabi, ay itutuloy ko naman kinabukasan sa ganap na ika-10 ng umaga. Magdadaos ako ng mga gawain mula ika-10 ng umaga hanggang katanghaliang tapat, upang mailahad ko (ang kabuuan ng mensahe), dahil makukuha nila iyon sa tape. At hindi . . .

15 Inanunsyo natin na hindi magkakaroon ng anumang gawain ng pagpapapagaling sapagkat sinisikap nating manatili sa ilalim ng *prophetic* na paglalahad tungkol sa Biblia. Nagdaos tayo kamakailan lang ng gawain ng pagpapapagaling dito. At pagkatapos ng mga gawaing ito, magdadaos tayong muli ng mga gawain ng pagpapapagaling sa dakong ito.

16 At ngayon, nais kong linawin nang husto upang matandaan ng bawat isa, na ngayon, dito, ay maaaring masaktan, mabatak, at mauga tayong lahat nang husto. Ngunit ako'y may pananagutan, hindi sa anumang bagay kundi sa pangangaral ng Salita, iyon lang, ang sadyang manghawakan sa Salita. At maraming beses maaari itong . . . At ang mga kapanahunan ng iglesiang ito ay maaaring sumalamin sa denominasyon ng kung sino. At kung mangyari iyon, hindi ito sinasadyang maging magaspang. Binabanggit lamang kung ano ang sinabi ng Kasulatan, at ang aking kapahayagan tungkol Dito. At kung sa palagay n'yo ay mali ako, huwag n'yo itong kimkimin laban sa akin; ipanalangin n'yo lang ako na ipakita sa akin ng Diyos kung ano ang tama; sapagkat tunay na nais kong maging tama.

17 At isa pa, napagtatanto ko ang aking pananagutan sa ganitong pagtitipon, sa pagtuturo sa mga tao, na pananagutin ako ng Espiritu Santo sa mga salitang ihahayag ko sa pulpitong ito. Kaya't nakikita n'yo kung gaano natin kataimtim ito isinasagawa.

18 Ngayon, ang ating . . . Maaari ko sanang idaos ito sa ibang lugar, ngunit dahil sa ito'y pagtuturo, kung gayon sa ating—sa mga *evangelistic* na gawain, ang bawat isa sa atin ay may ideya, o pagkaunawa, o tulad din sa nakalipas na panahon, mayroon tayong kaniya-kaniyang iglesia, at mga itinuro ng ating

mga iglesia, at kung anumang pinaniniwalaan natin. Tayo'y . . . Hindi ko nais na pumasok sa simbahan ng iba, o sa kalagitnaan ng mga taong ganu'n, at magpahayag ng isang bagay na salungat sa kung anong naituro sa mga tao. Kung sa bagay, malinaw kong sinikap na ihayag na ang isang . . . Kung ang isang tao ay Catolico, at siya'y umaasa sa simbahang Catolico para sa kaligtasan, siya'y napahamak. Kung siya'y isang Baptist, na umaasa sa iglesiang Baptist, siya'y napahamak. O isang Pentecostal, na umaasa sa iglesiang Pentecostal upang iligtas siya, siya'y napahamak. Ngunit . . . At alin mang iglesia . . . Ngunit kung ang indibiduwal na iyon ay taimtim na nakasalig sa pananampalataya sa natapos nang mga gawa ni Cristo sa Kalbaryo, siya'y ligtas; hindi mahalaga sa akin kung ano'ng iglesia ang kinabibilangan niya, "Sapagkat sa pananampalataya ay naligtas kayo, at iyon ay sa pamamagitan ng biyaya."

19 Ngayon, minsan sa pagsasagawa ng ganito . . . At sa wari ko sa aking munting gusaling ito na sinimulan namin maraming taon na ang nakalilipas, sa pamamagitan lamang ng lumang—isang bungkos ng mga blokeng bato at iba pang mga bagay . . . At para itong isang sagradong lugar para sa amin. Ayaw naming makita itong nababago, sa isang banda, sapagkat dito kami sinimulang katagpuin ng Diyos, kahit nung wala pa itong sahig. Ngunit humantong na ito ngayon sa punto na ito'y naluluma na at kami'y nasa programa ng pagtatayo ngayon upang sakupin ang buong blokeng ito ng simbahan.

20 Ngayon, hanggang sa dumating ang pagkakataong iyon, ang pakiramdam ko kapag bumabalik ako mula sa kabukiran ng pag-iibanghelyo kung saan ay hindi ako nakasasakit sa mga kapatiran at—o, sa mga mensahe at iba pa, samakatuwid ay nagkakaroon ako ng karapatang ihayag ang aking sariling ipinyon mula sa aking—mula sa pulpitong ito. Kaya't kung sasabihin n'yo, "Medyo iba ang pagkakaturo sa akin, aking . . ." At, inaanyayahan lang natin dito ang sinumang nais na dumalo. Kita n'yo, walang nag-iisponsor nito o anuman; ang Tabernakulo ang namamahala nito. At sinumang nais na dumalo ay sadyang malayang makadadalo; pumarito lang kayo. Kaya't inaanyayahan ko kayong magdala ng inyong Biblia sa bawat pagtitipon pati na ng lapis at papel.

21 At ngayon, dahil sa lahat ng mga komentaryo at iba pa, hindi ko nadala ang lahat ng mga aklat, kaya't nagsulat na lang ako dito sa papel ng munting mga tala mula sa kasaysayan at mga komentaryo at iba pa, nang sa ganu'n ay magawa ko na lang basahin mula sa mga talang naririto sa halip na dalhin ko pa ang libro at buklatin ang mga pahina. Ganunpaman, pagdating sa Kasulatan, gagamitin natin ang Biblia. At sa komentaryo, o sa kasaysayan, ipapaliwanag ko kung sino ang mananalaysay na nagsabi, at iba pa. At sa . . .



Ang sabi, labing-isang taon... Sinabi sa akin ng Espritu Santo... Nandu'n iyon sa pahayagan; hindi n'yo ito mai—hindi ito maitatanggi. Nandu'n iyon sa pahayagan tulad ng sinabi ng Espiritu Santo. Labing-isang taon bago naitayo ang Maginot Line, sinabi ko na ang mga Aleman... Ang America na ang Presidente ay si Roosevelt ang magiging pinakatampalasan sa kanilang lahat." At tama iyon; siya nga; hindi ko sinasaktan ang damdamin ninyong mga Democrat. Ngunit sinasabi ko sa inyo; hindi na ito Democrat o Rupublican; si Jesus Cristo na Anak ng Diyos na ang pinag-uusapan natin. Hindi ako Democrat o Republican; ako'y isang Cristiano. Kaya't sila'y... Anuman iyon... Ngunit mapapansin n'yo ro'n.

407 At tignan n'yo rito, nu'ng isang araw, kung gusto n'yong makita kung gaano kasalbahe ang lupong iyon, na kumuha at nag-ayos ng mga makinang iyon upang sa tuwing boboto ka kay Mr. Nixon ay kailangan mo ring bumoto dito sa isa. Ed—J. Edgar Hoover ang humugot sa mga makinang iyon. Ilan ba ang nakababasa nito? Aba'y, tunay nga, ito'y nasa lahat buong pahayagan, sa balita, at lahat na. Nakikita n'yo ba kung nasaan na tayo?

408 Walang nang tapat kundi si Cristo. Amen. Oh, ang pinagpalang matandang Aklat na iyon. Iyon 'yon. Iyong ang tanging nagsasabi sa iyo kung sino ka, kung saan ka nanggaling, at kung saan ka tutungo (Opo.), ang pinagpalang matandang Aklat na ito. Oh, napapamahal Siya sa akin dahil diyan, sa inyo ba'y hindi?

Faith in the Father, faith in the Son,

Faith in the Holy Ghost, these three are One;

Demons will tremble, and sinners awake;

Faith in Jehovah makes anything shake.

Amen. Mmmmm. [Tumuktok si Brother Branham sa pulpit—Ed.]

409 Napakadakilang araw ang nasa ating harapan, mga kaibigan. Ang Kapahayagan ni Jesus Cristo na ibinigay ng Diyos sa Kaniyang Anghel, at Siya'y dumating at ipinaalam ito kay Juan, upang malaman sa lahat ng mga Kapanahunan ng Iglesia ang bagay na nakalaan para sa atin.

410 Pagpalain nawa tayo ngayon ng Panginoon, habang tumatayo tayo. At sinuman ang nagpipiyano, tugtugan mo kami, kung iyong mamarapatin, "Take The Name Of Jesus With You."

411 Ngayon, makinig kayo. Walang dudang may mga estranghero dito sa ating kalagitnaan sa Tabernakulo ngayong umaga; nais kong kamayan n'yo sila. Anyayahan n'yo silang sumama sa inyong pag-uwi, at iba pa, at ipadama

401 At inaabangan n'yong maging dubo ang tubig at iba pang tulad niyon; iyon ay magaganap din sa Israel, sa pamamagitan ni Moises at Elias. Sa kanilang pagbabalik, ikaapat na pagbabalik ito ni Elias. At ang Espiritu... Hindi namatay ang isa man sa kanila; o si Moises pala ay namatay; hindi nila alam kung saan siya inilibing. Nakatakda siyang magbangon sa pagitan ng dalawang pagkakataong iyon, sapagkat doon sa Bundok ng Pagbabagong-anyo ay nakikipag-usap siya kay Jesus, siya at si Moises. Kita n'yo? Kaya't sila'y magbabalik at papatayin, at sila'y mahahandusay sa espirituwal na lansangan na kung tawagin ay Sodoma kung saan ipinako sa krus ang ating Panginoon, sa Jerusalem.

402 Iyon ay ipangangaral sa mga Judio. At kanilang sasaktan ang lupa at ipipinid ang kalangitan at iba pang tulad niyon... At ang katapusan ng ministeryo ng Hentil ay tatawid at kukunekta do'n, at ang mga Hentil ay uuwi na, at ang ministeryon ay magpapatuloy. Iyon ang magiging kawakasan ng lahat ng mga bagay. Dalawang ikatlong bahagi ng lupa ay bumigay at iba pa. Kapag ang mga patay na katawang iyon ay nahandusay sa mga lansangan sa loob ng tatlong araw, masdan n'yo kung ano'ng uri iyon.

403 Tignan n'yo ang mga larawang ito na nakuha ko sa South America, nang patayin nila ro'n ang misyonerong Pentecostal at ang kaniyang asawa, nakahandusay sila sa lansangan. At siya at dalawang anak, isang munting batang babae na ang tiyan ay namaga nang ganiyan, ni ayaw man lamang nila ilibing. Dinadaan-daanan at dinuduraan nang ganiyan sa loob ng tatlo o apat na araw. Kinunan ito ng litrato ni Bro. Kopp; nasa bahay ko ang mga iyon. Kita n'yo? Ganu'n ang ginagawa nila. Pagkatapos ay nagpapadala sila ng regalo sa isa't isa.

404 Tignan n'yo kung papaano iyon natitipo sa Biblia; nakikita n'yo kung ano'ng iglesia ang gagawa niyon. Tama. At napakalapit na, at unti-unti nang pumapasok tulad sa isang ahas, nang buong katusuhan; ang tanda ng mga bagay-bagay, tamang-tama.

405 Tignan n'yo ang propesiya na ibinigay sa akin ng Panginoon nung '33, kung papaano iyon magaganap, "Pahihintulutan nila ang mga kababaihang bumoto; sa kanilang pagboto ay ihahalal nila ang maling tao." Pitong bagay ang ibinigay; ang lima sa mga iyon ay naganap na. Ang kasunod ay isang makapangyarihang babae, isang iglesia, o kapangyarihan o kung ano, na mananakop sa Estados Unidos na ito at mamumuno. Pagkatapos ay nakita ko itong tulad sa mga abong nagkalat pagdating sa dulo. Iyon ang huling panahon.

406 Ang sabi nito, "Magkakaroon sila ng sasakyan na aandar, na hindi na kakailanganin ng tagamaneho." Katatapos lang nila itong ayusin nang husto.



Siyempre, sa paparating na aklat, aba'y, maimamakinilya na natin ito nang walang problema at magagawa nating maayos ang lahat.

22 Ngayon, gagawin natin ang lahat ng ating magagawa upang makapagsimula at makapagpalabas nang maaga hangga't maaari. At ito'y magiging walong araw na mga gawain, mula Linggo hanggang Linggo.

23 Ngayong umaga uumpisahan ko ang unang kabanata ng Apocalipsis, ng Aklat ng Apocalipsis, at ang Apocalipsis ay nakaayos sa tatlong bahagi. At ang unang tatlong kabanata ang ating tatalakayin sa loob ng walong araw na ito, samantalang maaari tayong gumugol ng isang buwan sa isang kapanahunan ng iglesia. Ngunit tutumbukin lang natin ang mga pangunahing dako, gaya ng sinasabi natin; at kapag nakuha n'yo na ang aklat, mas nakadetalye ang magiging pagkakasulat nito.

24 Ngayon, ang unang tatlong kabanata ng Apocalipsis ay tumatalakay sa iglesia; pagkatapos na mawala ang iglesia; sa huling panahon na lang natin iyon makikitang muli. Ang Apocalipsis 1 hanggang 3 ay patungkol sa iglesia; ang Apocalipsis 4 hanggang 19 ay patungkol sa Israel bilang isang bansa; at ang 19 hanggang 22 ay patungkol sa kanilang dalawa, at sa mga salot at mga babala at iba pa sa dulo: nakaayos ito sa tatlong bahagi. Kita n'yo? At tatalakayin natin ang unang tatlong kabanata patungkol sa iglesia, at sa kapanahunan ng iglesiang kinabubuhayan natin.

25 Ngayon, sa una ay magiging parang wala itong sigla sapagkat kailangan nating magbalik-tanaw at magtatag ng isang pundasyon. Nanalangin ako, at nag-aral, at ginawa ko lahat ng magagawa ko upang sikaping—upang madama ko ang Espiritu Santo, kung papaano ito isaayos upang mauunawaan ng mga tao, at nang sa pagkaunawa n'yo rito, kayo'y maliwanagan at ito'y maglapit sa inyo kay Cristo, sapagkat tayo ay nasa huling panahon na.

26 At kamangha-mangha, sa aking pag-aaral ng mga kasaysayan, na malaman kung papaanong nagsimula ang iglesiang iyon, at kung papaanong nalihis, at kung ano'ng nangyari, at ang makitang dinaanan ng munting Binhin ng Diyos ang bawat isa sa mga kapanahunang iyon, halos lubusang nawala, isa isang pagkakataon.

27 Ngayon, bukas ng gabi ay magsisimula tayo at magkakaroon tayo ng isang *chart* dito; hindi isang *chart*, kundi isang pisara ang nais ko upang ito ay maituro natin mula sa isang pisara. Sa paniwala ko ang guro ng Sunday school, isa sa kanila ay may pisara. Nakikita ko ito sa likuran. Ipalalapit ko iyon sa janitor, ipalalagay ko rito sa harapan upang makapagturo ako mula sa pisara, at isusulat ko iyon nang sa ganu'n ay makatiyak kayo, at maaari n'yo

itong iguhit sa inyong papel, at iba pa, at ilalapit natin ito sa abot ng ating makakaya.

28 Ngunit nais ko lang itong sabihin bago magsimula. Ang makita ang pasimula ng kapanahunan ng iglesia, at ang makita ang mga apostol, ang mga doktrina, at ang mga bagay na kanilang itinuro, at ang mga prinsipyo ng Biblia, at pagkatapos ay ang makita ang iglesiang iyon, sa ikalawang ikot ng mga apostol, kung papaanong nagsimula itong mawala: ang tunay at totoong katuruan. Sa ikatlong ikot, nalayo na sila nang husto; pagdating ng ikaapat na ikot kumupas na ito patungo sa pagiging maligamgam. Ang iglesia ay nagluwal ng isang maligamgam na iglesia.

29 At dati'y isang puspos ng Espiritung iglesia . . . At sinasabi ko ito nang may makadiyos na paggalang sa relihiyon ng bawat tao: mula sa umpisa hanggan sa panahong ito, at tunay at totoong iglesia sa tuwina ay isang Pentecostal na iglesia. Totoo ito; inireserba ng Diyos ang iglesiang ito.

30 At palagi kong iniisip, nang sabihin ni Jesus, aniya, "Huwag kayong mangamba, munting kawan, kaluguran ng inyong Ama na ipagkaloob sa inyo ang Kaharian." Lagi kong pinag-iisipan kong ano'ng ibig sabihin niyon, ngunit nauunawaan ko na ngayon.

31 Nung nakaraang linggo nagkaroon kami ng isang pagtitipon sa Shreveport, Lousiana, ang pinakadakilang espirituwal na pagtitipon na aking pinuntahan sa tanang buhay ko: Shreveport.

32 Nagkaroon ako ng dalawang araw na bakasyon, at nagtungo ako sa Kentucky kasama si Brother Wood, isa sa mga diyakuno ng iglesia, o mga trustee pala, upang mangaso. At nagtungo kami sa kagubatan.

33 Ako ang nakabaril ng unang *squirrel*, at ang sabi ko, "Maghihintay lang ako," dahil may dumaan na may kasamang mga aso. At ang sabi ko, "Maghihintay lang ako hanggang sa lumabas muli ang mga *squirrel* mula sa mga lungga at dahil nagpanikan sila sa mga lungga sa mga punong kahoy at nagsipagtago." Ngayon, ang sabi ko, "Paglabas nila . . . Uupo lang ako rito at maghihintay." Dahil napakalamig at nagyeyelo, at napapaso ang aking mga tainga, at, alam n'yo na, ang matinding hangin ay umiihip sa mga yungib. Ang sabi ko, "Maghihintay lang ako hanggang maglabasan muli ang mga *squirrel*."

34 Pagkaupong-pagkaupo ko, nangusap ang Espiritu Santo, "Tumayo ka, at magtungo ka sa lugar na kung tawagin mo ay 'Sportsman's Hollow,' doon ay kakausapin kita."

35 At nagtungo ako sa lugar na ito na pinangalanan kong "Sportsman's Hollow." Kaya ko pinangalanan ang mga yungib na iyon ay upang malaman



ilalim ng lupa sa sukat na sandaan at limampung milya kuwadrado. Aba'y, ang puwersa ng paglagpak nito ay... Kung iyon ay tatama rito, gigibain nito ang Indianapolis. Aba'y, magkakapira-piraso ang Indianapolis, kung ang isa no'n ay tatama iyon dito sa Louisville (Kita n'yo?). hindi natin masabi kung ano pang mayroon sila maliban do'n.

396 At tignan n'yo, hindi n'yo na kailangang... Hindi n'yo na kailangang... Hindi kailangang ang Russia ang gumawa no'n; maaaring gawin iyon ng Cuba; alin mang maliliit na lugar. Ang isang napakaliit na lugar na kasukat ng Alcatraz ay makagagawa niyon, masasakop ang buong mundo. Ang kailangan mo lang gawin ay itutok mo siya at hatakin mo ang isang lubid. Hindi mo na kailangan ng isang hukbo; isang panatiko lang na hawak ng diablo ang kailangang mo upang magawa mo ito. Tama nga. Gagawin n'ya iyon, at kung magkagayon tapos na ang kabuuan nito. Tapos na ang lahat.

397 Ngunit, oh, hayaan n'yong ibigay ko sa inyo ang pinagpalang bagay na ito. Yamang nakikita nating ganu'n na kalapit, yamang nakikita natin na maaari itong maganap bago mag-umaga... Alalahanin, ang iglesia ay uuwi muna bago iyon mangyari. Mangyayari muna ang pag-agaw.

398 At ngayon, upang hindi kayo mag-alala nang husto, alalahanin n'yo, sang sabi ni Jesus, "Kung papaano ang naganap sa mga kaarawan ni Noe, at ganu'n din sa mga kaarawan ni Lot..." Alalahanin n'yo, bago pa may bumagsak na ulan, si Noe ay nasa arka na. Kita n'yo? Si Noe ay nasa arka na; siya ay naitawid sa... At ngayon, si Noe ay tipo ng mga Judio, ngunit si Enoch ay umuwi nang hindi namamatay. At nang makita ni Noeng umalis si Enoch, alam niyang oras na upang simulan ang arka. Tama. Iyon ang tanda ni Noe, ang pag-uwi ni Enoch. At pagkakuhang pagkakuha sa iglesiang Hentil, ipakikilala Niya ang Kaniyang Sarili sa Israel. Kita n'yo? Tama.

399 Alalahanin n'yo, sa mga kaarawan ni Lot, tulad ng sabi ni Jesus, bago may maliit na apoy na tumama sa lupa, ang sabi ng Anghel na iyon, "Dali. Bilisan n'yo. Lumabas kayo rito, sapagkat wala akong maaaring gawin malibang nakalabas na kayo rito." Bago tumama ang anumang apoy, si Lot at ang kaniyang pamilya ay nakalabas na at nakaalis. Kaya't ang pag-agaw ay darating bago magsimula ang kapighatian.

400 Maraming tao ang nalilito sa kapighatian; at aayusin natin iyon sa linggong ito, kung loloobin ng Panginoon, sa tulong ng Panginoon. Alalahanin, naghihintay kayo sa isang panahon ng dakilang kapighatian, iyon ay, kung ititipo n'yo iyon sa Biblia, iyon ay ang mga kaarawan ng kabagabagan ni Jacob (Nakikita n'yo ba?), nang siya ay mabagabag. Walang kinalaman iyon sa mga Hentil; walang kinalaman do'n ang mga Hentil: walang tipo sa Biblia para diyan. Ang iglesiang Hentil ay aagawin.

389 Ngayon, ang Pagkadiyos ay nasa Kaniya, I Timoteo 3:16:

*... walang pagtatalo, dakila ang hiwaga ng kabanalan; Yaong nahayag sa laman,... nakita ng mga Anghel,... sinampalatayanan sa sanglibutan, tinanggap sa kaluwalhatian.*

390 Oh, sadyang walang patid ito. Ngunit nasaan na tayo ngayon? Sa dulo ng ika-8 talata.

391 Mamayang gabi magsisimula tayo sa ika-9 na talata, "Ang Pangitain sa Patmos." Oh, may mga dakilang bagay na nakalaan para sa atin. Mahal n'yo ba Siya?

Mahal Siya, mahal Siya

'Pagkat minahal Niya ako

Nag-alay ng kaligtasan

Sa Kalbaryo.

392 Talaga bang mahal n'yo Siya? Naipakilala na ba ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa inyo, naihayag na Siya ang Anak ng Diyos, si Jesis Cristo, ang Diyos na nahayag sa laman upang mag-alis ng mga kasalanan? Ipinahahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa huling mga araw na ito sa Kaniyang mga iglesia, ipinakikilala ang Kaniyang Sarili.

393 Ngayon, ang mga bagay na ito na nagaganap sa iglesia, manamanan n'yo at tignan sa dulo ng mensaheng ito kung hindi sinasabi ng Biblia na ang mga bagay na ito ay nakatakdan maganap. Eksakto nga. Tignan n'yo kung hindi nga ganu'n ang nangyari sa kapanahunan ng Efeso, at ng Pergamo, Tiatira, at sa iba pa, sa bawat kapanahunan, sinabi kung ano ang gagawin ni Luther, at kung ano'ng magiging kalagayan ni Wesley. At kung papaanong ang Pentecostal na denominasyong ito ay masasadlak sa isang maka-Laodicea, at malahiningang kalalagayan. Ngunit mula sa kalagitnaan niyon ay hahatakin Niya ang mga tao. Tama. Tamang-tama nga.

394 Tayo nasa wakas na. Oh, lubos akong nagagalak. Ako'y... Oh, habang nakikita ko ang sarili kong kumakalas, at tinitignan ko ang mga kaibigan ko at iba pa, at nakikita ko ang sanlibutan at ang kaguluhan na naroroon; at sa palagay ko'y nalalapit na ang pagdating ng Panginoon. Tayo'y nasa dulo na ng kapanahunan.

395 Nanlulupaypay na ang puso ng mga tao dahil sa takot. Kahit saan, ang bawat isa ay palaging nagbababala sa radyo, "Maghanda kayo sa pag-atake sa himpapawid. Dalhin n'yo ang ganito; dalhin n'yo ang ganiyan; bumaba kayo sa *basement*." Papaano kayo makapagtatago do'n? Hindi kayo makapagtatago do'n. Iyon ay babaon nang sandaan at limampung piye sa



ko ang kinaroroonan ko. Kaya "Sportman's Hollow" kasi sila'y nagkaroon . . . Nagpunta ako ro'n at nakakita ako ng labing-anim na mga *squirrel* na nakaupo sa isang punong kahoy, binaril ko lahat ng kaya ko, iniwan ko ang iba, at ako'y umalis (at iyon ang *sport*, ang bagay na dapat gawin); kaya nga ang tawag ko ro'n ay Sportsman's Hollow.

36 At binanggit Niya sa akin, "Sa lugar na tinawag mong 'Sportman's Hollow,'" hindi dahil tinawag Niyng ganu'n, kundi ako ang nagbansag no'n.

37 At nagtungo ako sa ulunan ng yungib na iyon at umupo sa silong ng isang kulay puting *oak tree* at ako'y naghintay ng mga kalahating oras; walang naganap. Humiga ako sa lupa, dumapa ako, iniunat ko ang aking mga kamay. Pagkatapos ay nangusap Siya sa akin.

38 At nang magkagayon, ang mga Salitang ipinahayag Niya tungkol sa pinaka Kasulatang pupuntahan natin ngayong umaga, ay di ko pa nakita dati sa tanang buhay ko.

39 At pagdating ko sa Shreveport, Louisiana, may isang babae, na may kaloob, ang ngalan niya ay Mrs. Shrader . . .

40 Maraming taon na ang nakalilipas nang katagpuin ako ng Panginoon dito sa ilog sa unang pagkakataon, at nagpakita sa Liwanag na iyon, at nangusap ng mga Salita; pagkatapos ng labing-isang taon, nang pumasok ako sa isang pagtitipon, ang babaeng ito ay tumayo at nagsalita sa ibang wika at nagpaliwanag. Iyon ay kaparehong-kapareho ng mga salitang sinabi ng Anghel.

41 At ang babae ring ito, nang ako'y pumasok sa tabernakulo sa kinaroroonan namin sa Shreveport, ang Life Tabernacle, kumilos ang Espiritu Santo sa babaeng iyon at nagsabi ng katulad na katulad sa sinabi Niya sa akin sa bundok. Pagkatapos ay nagsimulang kumilos at magbigay ng paliwanag ang Espiritu, nanghuhula ng mga bagay-bagay sa pamamagitan ng pagpapahayag, sa pamamagitan ng propesiya, kung ano'ng mga magaganap sa pagtitipon sa susunod na gabi; at hindi ito nabigo minsan man.

42 Bago iyon, may isang babaeng tumayo sa pagtitipon, isang babaeng Baptist ang nagtungo ro'n nang hindi nalalaman kung ano'ng maaari niyang magawa. At nakatayo siya sa kalagitnaan ng pagtitipon nang lukuban ng Espiritu Santo, at nagsimula siyang magsalita ng iba't ibang wika, isang babaeng Baptist mula sa First Baptist Church sa Shreveport; at hindi niya alam kung ano'ng ginawa niya. At bago pa siya makapagsalita ng anuman, ibinigay ng Espiritu Santo ang paliwanag, ang sabi, "ITO ANG SABI NG PANGINOON, 'Sa loob ng tatlong buwan darating ang Espiritu ni Moises, ni

Elias, at ni Cristo, na nagmiminsteryo sa tabernakulong ito.’” Lubusan iyong natupad do’n.

43 Isang lalaking Baptist na taga Meridian, Mississippi, ang humawak sa kaniyang refrigerator upang kumuha ng isang bagay mula dito nang lukuban siya ng Espiritu ng Diyos; at nagsalita siya sa ibang wika, nang hindi niya namamalayan.

44 At bago pa niya maunawaan kung ano’ng ginagawa niya, nangusap ang Espiritu Santo at nagsabi, “Bumalik ka sa Shreveport, Louisiana; sasabihin sa iyo ng Aking Lingkod kung ano’ng dapat mong gawin.” Kita n’yo?

45 At pagdating niya ro’n, aniya, “Hindi ko ito maintindihan, hindi pa ito nangyari dati.” Ay, naku. Nabubuhay tayo sa huling mga araw, malapit na malapit na sa pagdating ng Panginoon.

46 Ang munting iglesiang iyon ay palagi nang nasa minoridad, ang Pentecostal. Ngayon, hindi ang denominasyonal na mga Pentecostal ang tinutukoy ko; ang ibig kong sabihin ay... At—walang iba kundi ang mga taong may karanasang Pentecostal... Ang Pentecostes ay hindi isang organisasyon, ito ay isang karanasan na nangyayari sa kaninumang magnanais: Catolico, Judio, Proselyte, Methodist, Baptist, sinumang magnais, mangyaring siya’y lumapit lamang. Isa itong karanasan na ang indibiduwal... Hindi nakikitungo ang Diyos sa isang denominasyon, ni sa mga Hentil bilang isang lahi o lipi; nakikitungo Siya sa mga indibiduwal. Sinumang magnais, maging puti, itim, dilaw, kayumanggi, Methodist, Baptist, Protestante, Catolico, anuman siya, siya ay lumapit, maging sinuman. Labis akong nagagalak na ginawa Niya itong ganiyan. Ako’y . . .

47 Tulad ng sinabi minsan ng isang lalaki, “Mas gusto kong ganu’n ang sabihin Niya kaysa tawagin ang aking pangalan, ‘Lumapit si William Branham,’ dahil maaaring higit sa isa ang William Branham. Ngunit nang sabihin Niya, ‘Sinuman,’ alam ko kasama ako ro’n.”

48 Kaya’t ganu’n ang maaaring maging pakiramdam nating lahat, “Sinuman ang magnais, ay lumapit.”

49 Ngayon, alam kong maraming tao ang naghihintay sa mga hotel at motel, na nagsidating mula sa buong mundo. Kita n’yo? Oh, may mga tao ritong nagmula pa sa Ireland at sa iba’t ibang dako, na naghihintay sa mga tipanang ito. Ngunit hindi ko ito maharap sa ngayon. Nais kong gugulin dito ang aking panahon; nauunawaan ninyo.

50 Pagbalik ko mula sa mga pagbiyahe, karaniwan ay mayroon akong pinagsisilbihan, sapagkat tumutupad sila sa mga tipanan. Ngunit ngayon ay kinakailangan nating palipasin ang mga iyon dahil dito.



Santo mula nang kayo’y sumampalataya, kayong mga Baptist, mga Presbyterian?

382 “Hindi namin alam kung mayroon nga bang Espiritu Santo.”

383 “Kung gano’y papaano kayo nabautismuhan?”

384 Matapos na patunangan niya sila ng kaniyang kamay, nang magkagayo’y, matapos na maligtas at mapabanal, sila ay napuspos ng Espritu Santo. Tama.

385 Tubig, dugo, espiritu, si Jesus ay dumating upang maghugas, maglinis, at magpabanal ng isang iglesia na maaari niyang tuluyan at tirhan sa pamamagitan ng Kanyang sariling Dugo; ipinagkaloob Niya ang Kaniyang sariling Dugo na isinilang ng Diyos upang malinis Niya tayo sa ating kapanganakang seksuwal at mapagkalooban tayo ng isang nilinis, at banal na sisidlan upang Kaniya Mismong matuluyan.

386 “Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; subalit makikita n’yo Ako sapagkat Ako (panghalip na panao) ay sasa inyo, at mananahan sa inyo hanggang sa dulo ng katapusan.” Amen. “Hanggang sa dulo, Ako ay sasa inyo, at mananahan sa inyo. Ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin n’yo rin naman. Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga nagsisisampalataya”: ang Diyos na nasa iglesia. Ay, naku. Ang Pagkadiyos... “May tatlong nagpapatotoo sa langit, ang Ama, ang Salita (Anak), ang Espiritu Santo: sila ay iisa.

387 Ngayon, maaari kang maligtas nang hindi ka napapaging-banal. Maaari kang mapaging-banal nang hindi nagtataglay ng Espiritu Santo. Tama. Pinaging-banal ang espiritu mo nang hindi ka napupuspos, pinapaging-banal ang puso mo, nililinis nang hindi naman napupuno ng isang bagay...

388 Ganiyan ang sinabi Niya kapag ang masamang espiritu ay lumabas sa isang tao; naglalakad-lakad siya sa mga tuyong dako, at sa kaniyang pagbabalik, pag nakita niyang ang bahay niya ay nagagayakan, siya ay muling papasok. Ang magiging huling kalagayan ng taong iyon ay maraming ulit (pitong ulit) na masahol kaysa sa una.” Iyan ang nangyari sa inyong mga Pligrim Holiness, at mga Nazarene, at iba pa. Tumanggap kayo; at nang dumating ang Espiritu Santo, at nagsimula magsalita ng iba’t ibang wika at makaloob ng mga tanda at kababalaghan, sinabi n’yong ito ay sa diablo at pinusong n’yo ang mga gawa ng Diyos, tinawag na maruming bagay. At nakikita n’yo ba kung saan na humantong ang inyong iglesia? Magsilabas kayo ro’n. Naririto na ang oras; ang kapahayagan ni Jesus Cristo ay kasalukuyang itinuturo: ang Diyos ay nahayag sa kapangyarihan ng Kaniyang pagpapamalas ng Espiritu Santo. Amen. Ang araw ng katubusan ay nalalapit na.

375 Ang sabi ko, “Hindi katulad niyon.”

Ang sabi niya, “Pakiulit mo nga.”

Ang sabi ko, “Nakikita mo ba ang maybahay ko?”

Ang sabi niya, “Hindi.”

Ang sabi ko, “Kung gayon iba ang pagkakaiisa nila. Ang sabi Niya, ‘Kapag nakita mo Ako, nakita mo na ang Ama.’” Kaya’t sapat na iyon do’n.

376 Kaya’t sa San Juan, o sa I Juan 5:7 hanggang 8, sa inyong lahat na nagsusulat. I Juan 5:7 hanggang 8, ang sabi ng Biblia, ang nagsasalita, ang lalaking siya ring sumulat ng kapahayagan na ibinigay sa kaniya ni Jesus. Ang sabi niya: “Mayroong tatlong nagpapatotoo sa langit, ang Ama, ang Salita (Ang Salita ay ang Anak.), ang Ama, ang Salita, at ang Espiritu Santo: ang tatlong ito ay iisa. At mayroong tatlong nagpapatotoo sa lupa: ang tubig, dugo, at espiritu: at ang mga ito ay nagkakaisa (hindi iisa, kundi nagkakaisa).”

377 Hindi mo maaaring taglayin ang Ama nang hindi mo taglay ang Anak. Hindi mo maaaring taglayin ang Ama o ang Anak nang hindi taglay ang Espiritu Santo. Tama. Ngunit ikaw ay... At ang tubig, dugo, at espiritu, ang mga iyon ang kinakailangan upang makapasok ka sa Kaniyang katawan.

378 Kapag nagaganap ang isang natural na kapanganakan, ano ang unang nangyayari kapag ang isang babae ay nanganganak? Una ay lumalabas ang tubig; ikalawa ay ang dugo (Tama ba?); ang kasunod ay ang espiritu: masasagap ng sanggol ang kaniyang hininga at magsisimula na siyang huminga.

379 Tubig, dugo, at espiritu; iyon ang bumubuo sa natural na kapanganakan, ganun’n din sa esprituwal na kapanganakan. Ang bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, pag-aaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsampalataya sa Panginoong Jesus Cristo; tubig. Ano ang kasunod? Dugo; pagpapakabanal, paglilinis, pagpihit.

380 Kayong mga Nazarene ay diyan nabigo. Hanggang do’n lamang kayo umabot at hindi na nagpatuloy. Ang sisidlan ay nalinis sa altar, handa nang gamitin, ngunit hindi pa nagagamit. “Mapapalad ang mga (ang mga pagpapala) nagugutoma at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila’y pupunuin.” Ang sisidlan ay nalinis na. Totoo ’yon. Tulad din iyon ng birhen. Ang salitang “birhen” ay nangangahulugan ng “dalisay, banal, walang-halo, malinis.”

381 Ang lima ay may langis ang lima ay wala; ang lima ay puspos at ang iba naman ay nanatili sa pagpapakabanal. Natanggap n’yo na ba ang Espiritu



51 Ngayon, isang bagay lang bago tayo magsimula sa Aklat na ito. Sa pasimula ay may Pentecostal na iglesia. At ang Pentecostal na iglesiang iyon ay humayo sa kapangyarihan ng Espiritu at sumulat ng isang Aklat ng Mga Gawa. Sa ikalawang sigwada, nagsimula itong mangaunti; naging pormal ang iglesia. Sa ikalawang kapanahunan ng iglesia, naging napakapormal na nito, ngunit ang munting binhing iyon ng Pentecostes ay patuloy na tumubo, ang espirituwal. At pumasok ito sa isang panahon ng karimlan, ng may mga labing-apat na raang taon ng madilim na pag-uusig; ang munting kapanahunang Pentecostal ay nagpatuloy sa panahong iyon. Kung papaano ito nakapagpatuloy, huwag n’yo akong tanungin; tanging kamay ng Diyos ang makagagawa niyon.

52 Sapagkat tinuhog nila sila sa mga poste. At kinuha nila ang mga kalalakihan at pinadapa sa isang tuod, at kumuha sila ng mga tulos na kahoy, at ibinaon sa kanilang mga binti, at ipinakain sila sa mga hayop, sa mga aso mula sa kanilang likuran, na hinahatak ang kanilang mga bituka, bago pa sila mamatay. Kinuha nila ang mga kababaihan, at tinatagpas ang kanilang mga suso, ang kanilang kanang suso, at tatayo sila at paaagusin ang kanilang dugo hanggang sa mawalan sila ng buhay. Inaakala nilang ganito ang Cristianismo, ngunit ang sabi ng Biblia, at sabi ni Jesus, “Mangyayari na kanila kayong papatayin, sa pag-aakalang naglilingkod sila sa Diyos.” Kita n’yo?

53 At ngayon, iyon ay gumapang hanggang sa isa pang kapanahunan. At sa kahulihulihan ito ay lumabas na. At iyon ay mapapansin natin sa paglabas ng iglesia sa repormasyon. Kumalas ito nang kumalas mula noon, at lumayo nang lumayo sa Espiritu, hanggang sa huling kapanahunang ito kung kailan ito ay handa nang makisanib at gumawa ng isang larawan sa hayop.

54 Ngunit ang munting Espiritung iyon ay mabubuhay sa puso ng mga tao hanggang sa pagdating ni Jesus. Mangyayari’t mangyayari ito.

55 Pakatandaan n’yo ’yan, iguguhit natin ito sa mga mapa, kukunin natin ang kasaysayan at lahat na, at ipakikita natin sa inyo na ganu’ng-ganu’n nga ang nangyari. Ipakukuha ko mismo sa inyo at ipababasa ang kasaysayan, tignan n’yo kung ano’ng sinabi ng Biblia at kung ano’ng sinabi ng kasaysayan, tignan n’yo kung papaano ito naglalakip nang husto.

56 Oh, huwag nawa nating tanggapin ito bilang isang sermon lamang, kundi buong taimtim nating pakinggan ang mga babala ng Espiritu Santo at manalangin tayo araw at gabi. Huwag n’yong hayaang mahadlangan kayo ng anumang bagay.

57 Hinalughog natin ang buhay ng mga dakilang lalaki ng mga nakaraang panahon, kung papaano sila nagsakripisyo. Makikita n’yo kung gaano kaliit

ang inyong nagawa. Nahihiya ako minsan, kung papaanong kinakailangang makamit natin nang napakadali ang lahat ng bagay; naging napakahirap ng lahat ng bagay sa kanila. "Nagpagala-gala sila," ang sabi ni Pablo sa Hebreo 11, "na nakadamit ng balat ng tupa at kambing, na mga tinampalasan at nangagpipighati, mga salat." Papaano kaya tatayo ang ating patotoo kung ihahambing sa kanila? Papaano kaya ito titindig kung ikukumpara r'on? Pagkatapos lahat ng bagay ay kailanga nating matanggap nang maginhawa.

58 Ngayon, bilang pagrespeto bago natin buklatin ang Aklat, nais kong lahat tayong may kakayahan, ay tumayo sandali para sa panalangin. Ngayon, sa kataimtiman ng inyong puso, kayo'y manalangin sa Diyos.

59 Panginoong Diyos, ang Manlilikha ng langit at lupa, ang May-akda ng Walang Hanggang Buhay, at ang Tagapagkaloob ng lahat ng mabuti at sakdal na mga kaloob, hihilingin namin sa Iyo, Panginoon, na una'y ipatawad Mo sa amin ang lahat ng aming kawalan ng pakialam at lahat ng aming mga kasalanan at mga pagsalangsang laban sa Iyo at laban sa isa't isa at sa aming kapuwa.

60 Nawa ang munting panahong ito ng pagsasama-sama ay hindi lamang maging para sa ikatatitibay ng aming mga kaluluwa, kundi nawa'y maliwanagan rin kami at makasihan hanggang sa kami'y humayo upang magsaysay naman sa iba. Maging panahon nawa ito ng muling pagtatalaga, pakikiisa sa sa buong katawan ni Cristo at paghahanda para sa pag-agaw.

61 Amang Diyos, ito'y hindi sa pamamagitan ng aking sariling damdamin, dahil nalalaman kong ang Iyong lingkod at lahat ng iba pang lingkod ay kapos para sa dakilang gampaning ito...

Nalalaman namin kung papaanong ang mga dakilang tao ng nagdaang panahon ay naglayong magpahayag, o magkomento tungkol sa dakilang Apocalipsis; at napagtatanto naming mas kapos ang aming kakayahan kaysa sa kanila. Ngunit Ikaw ang aming Kasapatan.

62 At idinadalangin ko, makalangit na Ama, gumawa Ka ng natatanging bagay sa pagkakataong ito, na magkaroon ng kadakilaan ang Espiritu Santo sa bawat puso; tuliin Mo po ang mga labi na nangungusap at mga taingang nakikinig. At kapag natapos na ang lahat, at naialay na namin sa Iyo, lumabas nawa kami sa pintuan ng bahay na ito, na nagsasabi, "Mainam sa amin na maparoon; nangusap ang Espiritu Santo sa amin habang nakaupo kami ro'n. At ngayon determinado kaming gawin lahat ng aming magagawa habang nagliliwanag ang mga panggabing Ilaw." Itulot Mo po ito, Panginoon.

63 Nawa, sa panahon ng pagtitipong ito, mapatatag Mong muli ang mga kalalakihan at kababaihan. Magpalitaw Ka nawa ng mga tagapagsalita ng iba't



366 Nilikha ng Diyos ang lahat ng tao: puti, itim, kayumanggi, dilaw, bawat tao. Ang Diyos ang lumikha sa bawat tao. Nilikha Niya ang Hentil, nilikha Niya ang Judio. Nilikha Niya ang lahat, at lahat ng ito'y para sa Kaniyang kaluwalhatian. Kinailangang tanggihan ang mga Judio upang may makuhang Nobyang Hentil.

366 Iyon ang dahilan ng lahat ng mga tipong ito.

367 Kaya't ang Nobyang Hentil at ang Kaniyang mga supling, ang maluwalhating iglesiang Pentecostal na nahugasan sa Dugo ng Cordero, taglay ang buong kapangyarihan ng pagkabuhay na muli na nananahan sa kanila, ay aangat isang araw sa pag-agaw sa isang iglap, sa isang kisap-mata upang mapasa Presensiya ni Jesus, samantalang sa Kaniyang pagbabalik ay paaalisin Niya ang lahat upang makapagpakilala sa Kaniyang mga kapatid.

368 Masdan n'yo ang sinasabi ng Kasulatan dito sa pagwawakas. Oh.

*Narito, siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap; at makikita siya ng bawa't mata,...* (Ngayon, nangungusap Siya tungkol sa ikalawang pagdating, hindi ang pag-agaw.)... *at ng mga nangagsiulos sa kaniya;...*

369 Sa ika-7 kabanata, unang talata... O sa ika-7 talata ng unang kabanata:

*... makikita siya ng bawat mata, at ng nangagsiulos sa kaniya; at ang lahat ng angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa kaniya. Gayon din, Siya nawa.*

370 Pagkatapos ay sinambit Niya ang dakilang pangugusap na iyon. Sino ito? Sino itong aabangan nila? Ako ang Alpha at ang Omega,... ("Ako ang A at Z," ang A at Z ng Griego, ang alpabetong Griego.)

371 Mga Gawa2:38, ang Bib... Ang sabi ni Pedro, "Walang ibang pangalang ibinigay sa silong ng langit na sukat ikaligtas ng tao." (O, ipagpaumanhin n'yo, namali ang pagkakasipi ko.) Ang sabi Niya, "Pakatalastasin nga g buong angkan ni Israel, na ginawa ng Diyos na Panginoon at Crsito itong si Jesus na inyong ipinako sa krus."

372 Sa Juan 14:7 at 12, ang sabi ni Tomas, "Panginoon, ipakita mo sa amin ang Ama, at sukat na ito sa amin."

373 Ang sabi Niya, "Malaon nang panahong ako'y inyong kasama, at hindi mo ako nakikilala?" Aniya pa, "Ang nakakita sa Akin ay nakakita na sa Ama. Papaanong sinasabi mong, 'Ipakita mo sa akin ang Ama'? Ako at ang Ama ay iisa.

374 Sinabi ko 'yan minsan sa isang tao. Ang sabi ng babae, "Sandali lang, Mr. Branaham." Aniya, "Ikaw at ang iyong asawa ay iisa rin."

355 Akala nila hindi niya naiintindihan ang wikang iyon na ipinangungusap niya, ngunit alam niya iyon. At ang sabi nila, "Nakita n'yo na kung napala natin?"

356 At nakita ni Jose nang magkagayon na pinagsisisihan nila ang kanilang ginawa. Ngayon, nakikita Niya ang kanilang kalungkutan at pagsisisi sa pagtakwil sa Kaniya, kaya't napapaiyak na Siya. Handa na Niyang paalisin ang Kaniyang iglesia mula sa lupa, at dalhin sa langit; pagkatapos ay babalik Siya, at ang lahat ng mga angkan ng lupa ay mananaghoy.

357 Ano'ng ginawa nila? Si Ruben at ang lahat sa kanila ay nagsimulang imiyak; ang sabi nila, "Oh, oh." Natakot sila at nagsabi, "Siya ito. Ngayon, alam nating lagot na tayo. Ngayon, papatayin niya tayo. Ngayon, siya'y... Alam nating uutasin na tayo ngayon mismo, sapagkat si Jose iyon na nawalay nang matagal sa atin. Iyon ay si Jose, ang kapatid natin, ngayon ay lagot na talaga tayo."

358 Ang sabi niya, "Huwag kayong magalit sa inyong sarili. Ginawa ito ng Diyos ubang mag-adya ng buhay."

359 Ano'ng ginawa ng Diyos? Bakit tinanggihan ng mga Judio si Jesus? Upang tayong mga Hentil, upang ang bayang tinawag Niya para sa Kaniyang Pangalan ay...

360 Ginawa iyon ng Diyos upang mailigtas ang buhay ng iglesiang Hentil, ang Nobya.

361 Lahat ng angkan na tumanggi sa Kaniya ay mananaghoy. Magtatago sila sa mga yungib at mga bato at iba pa. Sila'y tatalon—magpapatihulog sa mga bundok. Tinanggihan nila Siya. Lahat ng angkan sa lupa ay tatangis dahil sa Kaniya. At ang bawat sambahayan sa Israel ay magbubukod-bukod; magbubukod-bukod ang mga pamilya, at magsasabi, "Bakit natin ginawa iyon? Papaano natin nagawang tanggihan Siya? Papaano? Hayun Siya at nakatayo. Hayun ang Diyos na hinintay natin. At hayun Siya na may mga pilat ng pako sa Kanyang mga kamay, at tayo ang may kagagawan."

362 Ganu'n nga ang sinabi ro'n ng magkakapatid na iyon nang sila'y magbalik at anila, "Hayan si Jose na ating pinagbili."

363 Ang sabi niya, "Ako si Jose, na inyong kapatid, na inyong ibinenta sa Egipto."

364 Oh, natakot sila, at sila'y nanaghoy at nanangis at nagtakbuhan sa isa't isa. "Ano'ng maaari nating gawin?"

365 Ang sabi niya, "Huwag kayong magalit sa inyong sarili, sapagkat ang Diyos ang may gawa ng lahat ng ito. Pinauna ako rito ng Diyos."



ibang wika, tagapagpaliwanag ng mga wika. Magplitaw Ka po ng mga kaloob ng panghuhula. Magpalitaw Ka po ng mga mangangaral, mga pastor, mga ebanghelista, at iba pa, upang ang iglesia ay mapagtibay. Magpalitaw Ka po ng mga misyonero upang magtungo sa bukirin upang maihatid ang maluwalhating Ebanghelyong ito. Saan man magtungo ang Salita, lumagpak nawa Ito sa mabuting lupa, na nagbubunga ng sandaang ulit; sapagkat naniniwala kaming kami ay nasa dulo na ng panahon; malapit na ang kaganapan.

64 Ipagkaloob Mo po ang mga bagay na ito, Ama. At higit sa lahat ng mga bagay, Panginoon, sa panahong ito, tulungan Mo po ako, ang nangangailangan. Sapagkat ito po'y hinihiling ko habang pinagkakatiwala ko ang aking sarili sa Iyo para sa mga gawaing ito, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

65 [May isang sister na nagsalita sa ibang wika. Isang kapatid na lalaki naman ang nagpaliwanag—Ed.]

66 Makapangyarihang Diyos, na nagbangon kay Jesus mula sa mga patay, lubos naming ikinagagalak na malaman na nananahan ang Iyong Espiritu sa aming kalagitnaan. Sa tuwina ay totoo Siya at hindi kailan man nagkaroon ng salitang hindi totoo. At ngayon, Ama, higit Mo pang pagtibayin ang Iyong Salita habang kami ay nagbabasa, para sa Iyong kaluwalhatian. At bawat puso nawa, tulad na Iyong sinabi, "Ay maging laan at handa, sapagkat may isang bagay na mahahayag." Marahil ay tatanggapin ng mga tao ang kanilang huling babala upang tumalikod sa mga bagay na ginagawa nila sa kasalukuyan upang bumaling sa tamang daan. Pinasasalamatan Ka namin, banal na Diyos, sa Pangalan ng Iyong Anak, ang Panginoong Jesus. Amen.

67 Bubuklatin natin ngayon ang Aklat ng Apocalipsis, sa unang kabanata . . . Ngayon, nais ko munang basahin ang unang tatlong tatata ng Apocalipsis.

*Ang Apocalipsis ni Jeuscristo, na ibinigay ng Dios sa kaniya, upang ipahayag sa kaniyang mga alipin, sa makatuwid ay ang mga bagay na nararapat mangyaring madali: at kaniyang ipinadala at ipinaalam sa pamamamgitan ng kaniyang anghel sa kaniyang alipin na si Juan:*

*Na sumaksi sa salita ng Dios, at sa patotoo ni Jesuscristo, sa lahat ng mga bagay na nakita niya.*

*Mapalad ang bumabasa, at ang nangakikinig ng mga salita ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon: sapagkat ang panaho'y malapit na.*

68 Tulad ng nasabi ko na dati, dito ay sisikapin nating himayin nang kaunti ang Aklat na ito, ayon sa mga kasaysayan at iba pa. At sa tuwing makikita

n'yo akong bumabanggit ng mga pahina na aking isinulat dito, ang mga ito ay nakuha ko sa mga komentaryo at iba pa.

69 Ngayon, ang nagsulat ng Aklat na ito ay si Juan, si San Juan na Mahal, na sumulat sa mga parating na henerasyon (A). (B) Nakadirekta ito sa pitong anghel ng pitong magkakahiwalay na mga yugto ng mga kapanahunang Cristiano, isang kapanahunan na sumasakop mula sa mga kaarawan ng mga apostol hanggang sa muling pagbabalin ng Panginoon.

At ang . . . Ngayon, ang bawat kapanahunan ay dumating nang magkakasunod, mula sa pag-akyat ng ating Panginoon hanggang sa Kaniyang muling pagbabalik. Inilarawan nito ang espirituwal na kundisyon ng bawat kapanahunan ng iglesia. (E) Mamamasdan ng bawat kapanahunan ng iglesia ang sarili nito sa pamamagitan ng Iskriptural at espirituwal na pangungusap sa kaniya; kung papaanong nangungusap ang Espiritu, maaaring mamasdan ng bawat kapanahunan ng iglesia ang sarili nito. Taglay ng bawat kapanahunan ang tunay na baging ni Cristo, ang matalinong birhen; at taglay ng bawat kapanahunan ang hinugpong na baging, ang mga mangmang na birhen.

70 Nagkakasundo ang mga mananalaysay (Buhay ito ni Juan.) na gunihol ni Juan ang huling mga taon niya sa bayan ng Efeso at doon siya namatay. Siya ay nasa Isla ng Patmos nang isulat niya ang Aklat ng Apocalipsis. Hindi ito kuwento ng kaniyang buhay, kundi kuwento ni Cristo sa mga parating na kapanahunan. Kita n'yo, isa itong propesiya. Hindi buhay ni Juan, hindi buhay ni Cristo, kundi nanghuhula ito ng panahong paparating. Hindi sa kaniya ang mga binigkas na propesiyang ito; kundi mga pagpaparangal sa Panginoon, nang buong taimtim. Hindi ito Kapahayagan ni San Juan na Mahal, kundi ni Cristo na Panginoon.

71 Ito ang huling Aklat ng Bagong Tipan. Gayunman sinasaysay nito ang umpisa at ang dulo ng dispensasyon ng mga Ebanghelyo. Nagsipagsang-ayon ang mga iskolar ng Biblia . . .

72 Ang mga sulat sa pitong kapanahunan ng iglesia ay naisulat bilang propesiya sa mga parating na kapanahunan. Sumulat si Pablo tungkol sa buhay at kaluwalhatian ng pitong iglesiang naroon sa kaniyang panahon. Isinulat ni Juan ang tungkol sa buhay at kaluwalhatian ng pitong iglesian sa hinaharap, na kaniyang idinirekta sa pitong pastor o mensahero yamang ang lahat ng mga Cristiano ay direktang nasasakop ng pitong iba't ibang mga anghel na ito.

73 Ngayon, ang Aklat ng Apocalipsis. Ngayon, ay tatalakayin natin, habang hinihimay natin ito para sa umagang ito at mamayang gabi, at sisikapin nating



348 Ano ang magiging mensahe Niya? Masdan n'yo kung ano'ng sinabi ni Jose. Nang sabihin niya...

349 Masdan n'yo ang isa pang bagay. Nang papuntahin niya ang magkakapatid sa harapan niya, tinignan niya sila; nakita niya si Benjamin. At nakita niya siya si Ephraim, nakita niya ang lahat ng iba pa sa kanila ro'n, ang... Si Gad at lahat sila. At siya'y... Ang labindalawang tribo, ang sampung tribo sa pagkakataong iyon, na nakatayo sa kaniyang harapan. Nakita niya silang lahat na nakatayo ro'n. Alam niyang mga kapatid niya sila. At tinignan niya si Benjamin, at tuluyang gumaralgal na ang kaniyang boses. Alam niyang mga kapatid niya sila. Ano'ng sinabi niya? "Iwanan ako ng bawat isa." Ano'ng nangyari sa kaniyang maybahay at mga anak? Nagtungo sila sa palasyo.

350 Saan pupunta ang iglesiang Hentil sa pag-agaw? Sa palasyo. Ang Nobya (Alleluia.), ang Nobya ay kukunin mula sa lupa sa pag-agaw. At sa Kaniyang pagbabalik, wala na ang Kaniyang Nobya kapag pinakilala na Niya ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang mga kapatid na mga Judio, ang mga nagsituhod sa Kaniya, ang mga nagtakwil sa Kaniya. Ngunit ang Kaniyang maybahay at ang Kaniyang mga mahal sa buhay, ang Kaniyang mga matatalik na kaibigan, ang Kaniyang kabiyak na sugo ng Diyos ay nakaupo sa templo.

351 At nang tumingin siya, ang sabi niya sila'y... Hindi nila alam; ang sabi nila, "Oh, ang dakilang prinsipeng ito." At nagsimula silang magsabi sa isa't isa, oh, ng tungkol sa mga bagay na ginawa nila.

352 Sa paniwala ko si Ephraim yata iyon... O hindi si Ephraim, ngunit nakalimutan ko kung sino 'yon na nagsabi, "Buweno, hindi natin dapat pinatay ang ating kapatid na si Jose." Aniya, "Nakikita n'yo ba, pinagbabayad tayo," ani Ruben. Ang sabi ni Ruben, "Hindi natin dapat pinatay ang ating kapatid," aniya, "sapagkat (Kita n'yo?), pinagbabayad tayo sa ginawa natin."

353 At nakatayo ro'n si Jose; hindi nila akalain na marunong siya umintindi ng Hebreo, oh, ngunit alam niya iyon.

354 May ilang nag-iisip, "Hindi Niya maintindihan ang pagsasalita ng iba't ibang wika," ngunit alam na alam Niya iyon. Siya nga. Ang kahariang Hentil ay dumating na may pagsasalita ng iba't ibang wika at pagpapaliwanag sa ulong ginto. Ang unang ulo, bago ito bumagsak, ano ang tumapos sa unang dispensasyong Hentil na iyon? Isang sulat-kamay sa di-kilalang wika sa dingding, at may isang lalaki ro'n na nakapagpaliwanag at nakapagsabi kung ano iyon. Ganu'n din iyon magtatapos (Amen.): nagsimula at magtatapos sa iisang paraan.

at naipanumbalik na muli. Ang Bituin ni David na may anim na tulis, ang pinakamatandang watawat sa daigdig, isang bansang isinilang nung nakaraang ilang taon. Hayan ang Israel.

Nations are breaking, Israel's awakening,

The signs that the Bible foretold;

The Gentile days numbered, with horrors encumbered;

Return, O dispersed, to your own.

The day of redemption is near,

Men's hearts are failing for fear; (Tignan n'yo na lang ang bomba, ang mga bomba atomika.)

Be filled with the Spirit, your lamps trimmed and clear,

Look up. your redemption is near.

False prophets are lying, God's Truth they're denying,

That Jesus the Christ is our God; (Luwalahati. Ngunit dumating na ang kapahayagan.)

So we'll walk where the apostles have trod. (Sa lugar nilang iyon mismo)

For the day of redemption is near,

Men's hearts are failing for fear;

Be filled with God's Spirit, your lamp trimmed and clear,

Look up. your redemption is near. (Oh.)

345 Oh, nang makita ni Jose na nakatayo ro'n si Benjamin... Iyon ay ang kaniyang nakababatang kapatid. Nakita n'yo na ang munting Benjamin na naroroon, nakapuwesto na ro'n. Ang mga angkan ng lupa—o ang mga Judio, ay nagbabalikan do'n kung saan ay aabot sila ng sandaan at apatnapu't apat na libo upang tumanggap kay Cristo kapag nakita nila Siyang dumarating. Sasabihin nila, "Narito, ito ang ating Diyos na hinintay natin." At makikita nila ang tinusok na... "Saan nanggaling ang mga ito?"

346 Ang sabi Niya, "Sa bahay ng Aking mga kaibigan."

347 At sila'y mananangis at iiyak. At bawat pamilya, ang mga angkan nina David, at Neftali, at iba pa ay magbubukod-bukod, bawat pamilya, at mananangis sa kanilang sarili kapag nakita nila Siya na nakatayo sa himpapawid, Yaong kanilang tinuhog.



makatapos ng mga alas onse at alas onse y media, mga ganiyan, at pagkatapos ay muli tayong magsisimula ng alas siyete mamayang gabi.

74 At ngayon, ang nilalaman ng unang kabanatang ito:

Ang unang talata ay tunay na nangungusap hinggil sa sarili nito sapagkat ito ang Kapahayagan ni Jesus Cristo.

Ika-2 talata: si San Juan na Mahal ang manunulat at lingkod.

Ika-3 talata: inihayag ang mga pagpapala.

Ika-4 hanggang ika-6 na talata: ang pagbati sa igleisa.

Ika-7 talata: ang mga pagpapatalastas.

Ika-8 talata: ang kataas-taasang Pagkadiyos ni Jesus Cristo.

Ika-9 hanggang ika-20 talata: ang pangitain sa Patmos.

75 At inilalarawan din sa ika-14 at ika-15 mga talata ang pitong luping kaluwalahatian ng Kaniyang Persona. Oh, napakaganda nito kapag nakita natin si Jesus sa pitong luping Personahe ng Kaniyang—pitong luping katauhan ng Kaniyang Personalidad sa Kaniyang maluwalhating pagkabuhay na muli.

76 Ngayon, ang titulo ay naglalarawan sa tauhan.

*Ang Apocalipsis ni Jesuscristo, . . .*

77 Hindi ang kapahayagan ni San Juan na Mahal, kundi ang Kapahayagan ni Jesus Cristo na Anak ng Diyos . . .

78 Ngayon, ang salitang Griego para sa kapahayagan ay ang "apocalipse," na nangangahulugang "paglalantad." At kinuha ko ang salitang iyon at sinaliksik; nangangahulugan itong... Ang "apocalypse" ay ang... Tulad ng kapag gumawa ang isang iskultor ng isang malaking istatuwa, at ito'y nilambungan niya. At pagkatapos ay hahapakin niya ang lambong na ito at ilalantad kung ano'ng itinago niya sa likod ng lambong. Ito'y isang paghahayag.

79 At ang Aklat na ito ay hindi masyadong maglalantad sa Persona ni Jesus Cristo (bagama't tunay na nangungusap ito tungkol sa Kaniyang Pagkadiyos at sa Kaniyang pitong luping Persona, at ng kung ano ba Siya, tulad ng Saserdote, Hari, at iba pa), kundi ito ay paghahayag ng Kaniyang panghinaharap na mga gawa sa pitong paparating na kapanahunan ng iglesia. Ito'y . . .

80 Nang ang ating Panginoon ay nasa lupa pa, tinanong Siya ng Kaniyang mga alagad na sinasabi, "Guro, isasauli Mo na ba sa pagkakataong ito ang kaharian sa Israel?"

81 At sinabi ni Jesus na, “Hindi ukol sa inyo na malaman ang oras at ang panahong ito.” At walang makaaalam, kahit pa nga ang Anak, ng panahong iyon, di Niya rin alam.” Ngunit pagkatapos ng Kaniyang pagkamatay, pagkalibing, at pag-akyat sa langit, tinanggap Niya mula sa Diyos ang hinaharap ng iglesia.

82 Pagkatapos ay nagbalik Siya upang ihatid ang Mensaheng ito sa iglesia, at ang mensaheng ng Kaniyang pagdating at ng kundisyon ng Kaniyang mga iglesia sa buong kapanahunan.

83 Hindi Niya iyon maaaring gawin bago Siya mamatay, malibing, at mabuhay na muli, dahil hindi pa Niya alam no’n. Ngunit napansin n’yo ba kung ano ang pagkakasabi ng Kasulatan dito?

*Ang Apocalipsis ni Jesuscristo, na ibinigay ng Dios sa kaniya...* (kay Cristo),...

84 Tunay ngang ibinigay ng Diyos Ama ang kapahayagan sa Kaniyang Anak na si Jesus Cristo. At ipinadala Niya ang Kaniyang Anghel kay Juan upang ipaalam ang mga bagay na—na nakaraan, ngayon, at darating. Oh, nakaayos ito nang napakaganda.

85 Ngayon, sa dakilang kapanahunang ito na paparating na nakita ni Juan... Ngayon, itong mga... Ang Kapahayagang ito ay ibinigay sa kaniya tangi upang ilantad ang partikular na layunin ni Cristo, kung anong magiging kalagayan Niya at saan Siya matutulad sa bawat kapanahunan. Iyan ang dahilan kaya sinabi ko kaninang umaga: alalahanin n’yo palagi ang tunay na iglesia. Ang tunay na iglesia ay nagsimula sa araw ng Pentecostes.

86 Walang teologo, iskolar ng Biblia, o mananalaysay, na maaaring makapagsabing nagsimula ito sa mga kaarawan nina Martin Luther, Wesley, sa kapanahunan ng Catolico, o alin mang kapanahunan. Nagsimula ito sa Pentecostes, iyon ang pasimula ng iglesia. Iyon ang umpisa. Samakatuwid, sa pakikipagtalakayan kahit kanino, tumindig ka sa pintuan ng Pentecostes, at wala na silang ibang mapupuntahan.

87 Tulad din lang iyan ng paglalagay ng isang kuneho sa bukid. Alam mo kung saan naroon ang bawat butas, kaya’t pinasakan mo iyon; kakailanganin niyang bumalik sa lugar mismong pinasukan niya.

88 Buweno, ganiyan ang bawat isang nangungusap tungkol sa mga iglesia at mga kapanahunan ng iglesia at mga gawa ng Espiritu Santo; kakailanganin mong magbalik sa orihinal na pasimula. Babalik at babalik iyon do’n, sapagkat ang Diyos ay impinit at Siya’y makapangyarihan sa lahat. Samakatuwid, dahil sa impinit Siya, hind Siya maaaring gumawa ng isang bagay dito at pagkatapos ay gagawa naman Siya ng bagay na salungat sa



337 Ngunit pansinin n’yo ngayon kung ano’ng nangyari. Napakaluwalhati. Nang mag-asawa noong panahong iyon si Jose ng isang Hentil at nagkaroon ng pamilya, sina Ephraim at Manases, na kaniyang mga anak na lalaki... Napansin n’yo ba sa dulo, nang si Jose—nang babasbasan na ni Jacob sina Ephraim at Manases, at ipapaton na niya ang kaniyang mga kamay, na inilagay niya si Ephraim sa kanan at si Manases naman ay sa kaliwa, upang mabasbasan ng kanang kamay ang mas nakatatanda. Ngunit nang magsimula na siyang manalangin, ay nagkrus ang kaniyang mga kamay, at ibinigay niya sa mas nakababata ang basbas ng kanang kamay sa halip na doon sa nasa kanan.

338 At ang sabi ni Jose, “Hindi ganiyan, Ama.” Aniya, “Inilagay mo ang basbas kay Manases sa halip na kay Ephraim.”

339 At ang sabi niya, “Pinagkrus ng Diyos ang aking mga kamay.”

340 Ano iyon? Mula sa mga Judio, na mas nakatatanda, ang unang pinili ng Diyos, napunta ang basbas sa mga Hentil sa pamamagitan ng krus upang makuha ang Nobya. Ang pagpapalang ito ay dumating sa pamamagitan ng Krus mula sa Judio patungo sa Hentil. Tinanggihan: tinanggihan nila ang Krus; kung kaya’t nakakuha Siya ng Nobyang Hentil.

341 Ngayon, bago ito mangyari, nang marinig ang tungkol kay Jose ng kaniyang mga kapatid na... Maraming taon na silang hindi nagkakasama, ang mga Judio.

342 Ngayon, masdan n’yo, babalik na tayo sa Zacarias, kung saan ay nanaghoy sila at nagdalamhati at nagluksa, at nagbukod-buko ang mga pamilya. Naglabasan sila at nagsipagsabi, “Papaano natin nagawa iyon? Papaano natin nagawa ang gayon?” At sasabihin nila, “Saan Mo nakuha ang mga pilat na iyan, ang mga bakas na nasa Iyong mga kamay?” maging ang mga tumuhog sa Kaniya. Siya’y darating na nasa mga alapaap at makikita nila Siya, maging ang mga tumuhog sa Kaniya. At ang bawat sambahayan ay magdadalamhati, at sila’y mananangis. Hindi nila malalaman kung ano’ng dapat gawin.

343 At nang si Jose... Alam n’yo ang kuwento. Nang makita niya ang kaniyang mga kapatid at nagkunwari siyang hindi marunong magsalita ng Hebreo at kumuha ng tagasalin upang magsalin sa kaniya. At umasta siyang parang hindi nakapagsasalita ng Hebreo; ngunit nais niyang mang-usisa. At nang, sa kahuli-hulihan, isang araw nang dalhin nila ang kaniyang bunsong kapatid, napansin n’yo ba na si Jose ang nagpaalab sa kaluluwa ni Jose.

344 Ano ang magpapaalab sa kaluluwa ng ating Jose, ni Jesus, sa araw na ito? Ang batang iglesia na matagal nang naroroon sa Iran, na tumutupad sa mga kautusan ng Diyos, at isa itong bagong silang na bayan na naipon sa Palestina

330 Ngayon, nagtungo si Jose sa Egipto, at doon ay itinaas siya mula sa kulungan tungo sa kanang kamay ni Faraon, at ginawang tagapamahala. At ang lahat ay sumagana nung panahon ni Jose.

331 Ngayon, pagbalik ni Jesus, maging ang disyerto ay mamumukadkad tulad sa isang rosas. Siya ang Anak ng kasaganaan: katipo ni Jose.

332 Inilagay nila si Jose sa... Nakasama siya ng heneral sa kaniyang bahay; lahat ng gawin niya ay nagtagumpay. Ikinulong nila siya, at ang buong kulungan ay sumagana. At nang siya'y maitaas nang husto, kasunod ng Faraon, lahat ng bagay sa Egipto ay sumagana nang higit kaysa sa anumang bagay sa sanlibutan.

333 Sa Kaniyang pagbabalik, ang lupain ay sasagana. Ang matatandang disyerto ay mamumukadkad, at magkakaroon ng pagkain sa lahat ng dako. At bawat isa sa atin ay maaaring sumilong sa ating sariling puno ng igos at humalakhak at magsaya at mabuhay magpakailan man s Kanyang Presensiya, sa Kaniyang pagbabalik bilang Hari.

334 Siya ay naging Anak ng Tao: Propeta. Amen. Anak ng Tao Siya noon: Hain, Saserdote. Siya'y Anak ng tao. Bilang Hari: ang Anak ni David na nakaluklok sa trono ng Kaniyang kadakilaan. Anak ng tao, Siya'y...?...

335 Naipahayag ang Diyos bilang Anak ng tao; Siya ay nanaog at naging tao upang alisin ang kasalanan ng sanlibutan. Naging tao Siya bilang isang propeta. Naging tao Siya bilang isang Saserdote; naging tao Siya bilang Hari: Hari ng Kalangitan, Hari ng mga banal, ang walang hanggang Hari, sa tuwina'y magiging Hari, walang hanggang Hari.

336 Ngayon, pansinin n'yo noon, si Jose, bago Siya lumabas, kailangan nilang umihip muna ng trumpeta. At nagsisigawan ang mga tao, "Yumukod tayo kay Jose." Anuman ang ginagawa ng isang tao, kung nagtitinda man siya ng isang produkto sa kalsada, kapag tumunog ang trumpeta, yumuyukod siya. Kung ang isang tao man ay akmang mag-uunat ng kaniyang kamay upang abutin ang kaniyang pera, kailangan niya pa ring yumukod; si Jose ay paparating. Oh. At kung ang bating man ay akma nang magsimulang gumawa. At ano ang gagawin niya? Kailangan niyang huminto. Si Jose ay dumarating; ang trumpeta ay tumunog.

Isa sa mga araw na ito ang lahat ng bagay, maging ang oras ay titigil, kapag tumunog ang trumpeta ng Diyos, at ang mga namatay kay Cristo ay bumangon, at dumating na ang umagang walang hanggan, maaliwalas, at maganda. Ang lahat ay yuyukod, at ang bawat dila ay maghahayag patungkol dito." Umpisahan n'yo na ngayon. May mga taong ang kasalanan nila'y nauuna sa kanila, ang sa iba nama'y sumusunod sa kanila.



bandang ito. Kailangan Niyang gawin sa bawat pagkakataon kung ano'ng ginaw Niya sa umpisa.

89 Tulad ng sinabi ni Pedro sa araw ng . . . Nang matanggap ng mga Hentil ang Espiritu Santo, aniya, "Mahahadlangan ba natin sila sa tubig, samantalang natanggap nila ang Espiritu Santo tulad natin nu'ng una?

90 Si Jesus, nang Siya ay nasa lupa pa, ay nangusap at nagsabi, "Ito'y . . ."

91 May isang lumapit at nagsabi, "Naaayon ba sa kautusan na hiwalayan an gating mga asawang babae dahil sa anumang dahilan?"

92 Ang sabi ni Jesus, "Siya na lumikha ng lalaki, ang siya ring lumikha ng babae; dahil dito iiwan ng isang lalaki ang . . ."

93 Ang sabi niya, "Ngunit pinahintulutan tayo ni Moises na sumulat ng kasulatan ng paghihiwalay."

94 Ang sabi ni Jesus, "Sa pasimula ay hindi gayon."

95 Magbalik kayo sa pasimula. Samakatuwid, kung mangungusap tayo tungkol sa kapanahunan ng iglesia, kinakailangan nating magbalik sa pasimula, na isinasaisang-tabi ang bawat pahayag na ginawa ng sinumang tao buong panahong nagdaan.

96 Ito ang pinaka-opisyal na Aklat sa anumang Aklat ng Biblia. Ito ang natatanging Aklat na nilagyan ni Cristo ng Kaniyang selyo. Nagsisimula ito sa pamamagitan isang pagbabala at nagtatapos sa pamamagitan ng isang sumpa. "Mapalad ang bumabasa, at sumpain ang nag-aais ng anumang bagay mula rito."

96 Ito ang tanging Aklat sa Cristo mismo ang sumalat sa buong Biblia, ang Sampung utos ay isinulat Niya sa pamamagitan ng Kaniyang mga dalire; tama. At ang mga Judio ay nanghawakan do'n. At sa araw na ito ito'y ang—ang Apocalipsis.

97 At kung mayroong kinamumuhian na Aklat si Satanas sa Biblia, ito'y ang Apocalipsis. Mayroong dalawang . . . Kinamumuhian Niya ang buong Kasulutan, at ito'y ang buong libro ng Kasulatan. Ngunit kung mayroon man siyang pinakaiinisan, ito'y ang Apocalipsis at ang Genesis; sapagkat ang Genesis ang nagsasabi ng pasimula; ang Apocalipsis ay ang naghahayag ng kung ano'ng magaganap sa kaniya sa huling mga araw. Siya'y igagapos ng sanlibong taon. Pagkatapos siya at ang bulaang propeta at ang hayop ay ibubulid nang buhay sa dagat-dagatang apoy.

98 At aatakihin niya ang Aklat ng Genesis tungkol sa pagiging tunay nito. Sasabihin niya na, "Ito ay hindi tunay." Guguluhin niya ang mga kaisipan ng

mga tao. Tignan n'yo kung saan inaatake ng diablo ang Aklat na iyan ng Genesis o ang Aklat ng Apocalipsis, at una at ang huli.

100 At ang Aklat ng Apocalipsis ay napapalooban ng mas maraming simbulo kaysa sa alin mang mga Aklat sa Biblia. Mayroon itong mas maraming simbulo sapagkat ito'y isang Aklat ng propesiya. Isa itong Aklat na *prophetic*. Samakatuwid kinakailangan itong maunawaan ng isang uri ng mga taong *prophetic* din naman. Ang Aklat na ito ay di laan para sa lahat ng tao. Halos walang makaunawa nito. Ang Aklat na ito ay ginawa para sa isang uri ng mga tao. Sa Deuteronomio ay sinasabi, "Ang mga nakatagong bagay ay sa Panginoon." Tama iyon. At inihahayag Niya sa atin, na mga anak Niya, ang mga nakatagong bagay. Kaya't hindi ito . . .

101 Hindi maunawaan ng karnal na pag-iisip ang mga dakilang bagay ng Kasulatan, sapagkat kahangalan ito sa kanila. Ngunit sa mga nagmamahal sa Salita ng Diyos, sa kanila isinulat ang Aklat: sa iglesia: Ang Kapahayagan ni Jesus Cristo sa iglesi. Gusto ko iyon.

102 At pansinin n'yo, ito rin ang pagtatapos ng mga Kasulatan, ang ganap na pagtataos. At tamang-tama rin ang pagkakapuwesto dito, sa dulo ng Biblia. Ang Kapahayagan ng kabuuan nito ay inilagay dito sa likuran kalakip ang pagpapala sa bumabasa at dumirinig Nito. At kapag sinubukan ng isang taong magbawas o magdagdag Dito, sinabi ng Diyos na aalisin Niya rin ang bagahing iyon sa Aklat ng Buhay. Kita n'yo? Aalisin Niya ang kaniyang bagahi sa Aklat, kung nadagdag siya Dito.

103 Samakatuwid, kapag nakita natin ang maraming luping kapahayagan ng ating Panginoon, kung Sino Siya, kung may sinumang magdadagdag Do'n o magbabawas ng anuman, isa itong bulaang propesiya. Marami ang sumubok na magsabing mayroon silang mas bago kaysa diyan. Ngunit Iyon ang ganap na Kapahayagan ng Panginoong Jesus sa kapanahunan ng Kaniyang iglesia at sa Kaniyang mga kaarawan: isang kapahayagan ng ating Panginoon.

104 Ngayon, ang paglalantad, sa salitang Griego, ay isang bagay na dating nakatago, na nag—nag—naglalantad—naghahayag kay Cristo.

105 Ngayon, ang kasunod na talata, makikita natin sa ika-2 talata... Ang una talata ay naglalantad kay Cristo, ang kapahayagan o ang paglalantad. Oh, ganu'n na lamang natakpan ang huling panahon at ang pagdating ng Panginoon sa mga apostol. Nagtanong sila, ngunit iisa ang nabuhay upang magtaglay ng kapahayagan; at ganunpaman hindi pa rin n'ya ito naunawaan, sapagkat hindi pa nagaganap ang kasaysayan.

106 Ngayon, ang kasaysayan ng Aklat na ito, o ang konteksto ng Aklat ng ito ay patungkol sa pitong iglesia na noon ay nasa Asia Minor. Ito ay



sa kaniya. At nang magkagayon, siya'y... Isang masamang bagay ang lumabas laban sa kaniya, at nagbulid sa kaniya sa kulungan. At doon ay nanghula siya, at sinabi sa dalawang lalaki ang kahahantungan nila; ang isa'y katiwala ng saro at isa nama'y magtitinapay, base sa kanilang mga panaginip.

326 At siya ay itinaas mula roon patungo sa kanang kamay ng Faraon. At walang makalalapit sa Faraon, maliban na lamang sa pamamagitan ni Jose.

327 Masdan n'yo ito, ngayon ang... Nang si Jose nga ay maibenta sa mga Egipcio... At masdan n'yo. Lahat ng ginawa niya ay tumitipo kay Cristo. Tignan mo ang katiwalang ito ng saro at ang magtitinapay na iyon, at kapuwa sila nanaginip. At si Jesus, nang Siya ay nasa Kaniyang kulungan... Tandaan na si Jose ay nakulong. At nang si Jesus ay nasa Kaniyang kulungan (papaano? Ipinako Siya sa isang krus), may isang naligtas at isang napahamak. Si Jose, nang siya'y nasa kaniyang kulungan, may isang naligtas, at isang napahamak.

328 At pansinin n'yo na matapos na maalis si Jesus sa krus, Siya ay itinaas sa langit at umupo sa kanang kamay ng dakilang Espiritu, na si Jehova. "Walang makalalapit sa Diyos kundi sa pamamagitan Ko." Walang mga aba ginoong Maria, walang banal na ganito, o banal na ganiyan; kundi sa pamamagitan ni Jesus Cristo, ang tanging Tagapamagitan sa pagitan ng Diyos at tao (A-ha), ang mahalagang katawan na tinabernakuluhan ng Diyos sa ating kalagitnaan, na nagtaglay ng Pangalan ng Diyos. At kinuha ng Diyos ang pangalan ng tao. Kinuha ng Diyos...

329 Tumingin kayo rito. Nung pasimula nang si Adan ay... Sadyang di ako makatakas diyan, tila may isang di nakaiintindi rito. Tignan n'yo. Nang pasimula... Hayaan n'yong magpakita ako muli sa inyo ng isang bagay, binalaan ako ng Espiritu Santo na dapat kong gawin ito. Iiwanan ko ang aking paksa sandali. Nang unang maibalita sa langit na ang anak na si Adan ay nahulog sa kasalanan, nagsugo ba ang Diyos ng isang Anghel? Nagsugo ba Siya ng isang Anak? Nagsugo ba Siya ng iba? Siya Mismo ang dumating upang tubusin ang Kaniyang anak. Alleluia. Hindi iyon ipinagkatiwala ng Diyos sa iba maliban sa Kaniyang Sarili. Ang Diyos ay nagkatawang-tao at nanahan sa ating kalagitnaan at Siya Mismo ang tumubos sa tao. Ang... "Tayo ay naligtas," ayon sa Biblia, "sa pamamagitan ng Dugo ng Diyos." Ang mortal na Diyos ay... Ang imortal na Diyos ay naging mortal upang mag-alis ng kasalanan, upang maging Siya Mismo ang Cordero, upang makapasok sa kaluwalhatian, nalalambungan, at dala ang Kaniyang Sariling Dugo sa Kaniyang harapan sa kabila ng tabing.

*At ngayo'y huwag kayong magdalamhati, o magalit man sa inyong sarili na inyo akong ipinagbili rito: sapagka't sinugo ako ng Dios sa unahan ninyo upang magadya ng buhay.* (Oh, napakaganda.)

*Sapagka't may dalawang taon nang ang kagutom ay nasa lupain; at may limang taon pang hindi magkakaroon ng pagbubukid, o pagaani man.*

*At sinugo ako ng Dios sa unahan ninyo upang papanatilihin kayong pinakalahi sa lupa, at upang iligtas kayong buhay sa pamamagitan ng dakilang pagliligtas.*

320 Hayaan n'yo ngayong kunin ko iyan at ikumpara sa Zacarias 12, sandali. Ngayon, alam natin na sa tipo... Kapag nagtuturo kayo ng mga tipo, lagi n'yo itong nakukuha nang tama, sa palagay ko, sa tipo.

321 Ngayon, nang ipanganak si Jose, kinamuhian siya ng kaniyang mga kapatid. Tama ba? Ngayon, nais kong ipakita sa inyo: kinakatawan ni Jose ang iglesiang puspos ng Espiritu Santo. Si Jose ay kinamuhian ng kaniyang mga kapatid. Bakit? Sapagkat siya ay espirituwal. Hindi iyon maiwasan ni Jose sapagkat siya ay nakakikita ng mga pangitain. Hindi niya iyon maiwasan dahil nakakapanaginip siya ng mga panaginip (Kita n'yo?) at nakakapagpaliwanag siya ng mga panaginip. Siya'y... Iyon ang nasa loob niya. Wala siyang ibang maipamalas maliban sa kung anong nasa loob niya.

322 Buweno, pagkatapos ay kinamuhian siya ng kaniyang mga kapatid ng walang dahilan. Ngunit inibig siya ng kaniyang ama, sapagkat ang kaniyang ama ay isang propeta. Nakikita n'yo ba kung ano rin ang nangyari kay Jesus? Inibig ng Diyos ang Kaniyang Anak; ngunit ang mga kapatid Niya, ang mga Fariseo at mga Saduceo, ay namuhi sa Kaniya dahil nakapagpapagaling Siya ng mga maysakit, at nakapanghuhula ng mga bagay-bagay, at nakakikita ng mga pangitain, at nakapagpapaliwanag nito. Nauunawaan n'yo ba kung ano'ng ibig kong sabihin? Kinamuhian nila Siya nang walang kadahilanan.

323 At ano'ng ginawa nila kay Jose? Nagkunawari silang patay na siya, at inihulog nila siya sa isang hukay. Kumuha sila ng isang duguang balabal na may pitong kulay na ginawa ng kaniyang...

324 May pitong kulay lamang ang bahag-hari. At ang bahag-hari, alam natin kung ano'ng... Pupuntahan natin iyon mamaya, sa palagay ko, mamayang gabi. Ang bahag-haring nasa ulunan ni Jesus dito, kung saan Siya katulad ng isang batong jaspe at isang sardio, at may isang bahag-hari. Ang bahag-hari ay isang tipan. At iyon ang tipan ng Diyos kay Jose.

325 At nilagyan nila ng dugo ang kaniyang balabal at ibinalik sa kanilang ama, at siya'y ipinalagay na patay na. At... Ngunit siya'y iniahon mula sa hukay at ibinenta kay Faraon, sa kung kanino sa Egypt, at isang heneral ang kumupkop



nakapatungkol sa pitong iglesiang iyon. Marami pang ibang iglesia maliban sa pitong iyon nung araw na iyon, ngunit bawat isa sa mga iglesiang iyon ay may kinalaman—may kinalaman ang katangiang taglay ng iglesiang iyon na masusundan sa paglaon ng panahon, ang katangian ng iglesiang iyon.

107 Tulad ng Efeso, nagtaglay iyon ng isang katangian; ang Smirna, Pergamos, at iba pa, ang Filadefia, bawat isa sa mga iglesiang iyon ay nagtaglay ng katangian na muling mamamalas sa mga paparating na kapanahunan.

108 Oh, kung inyo lamang magagawang... Sinumang tao na nakakakita ng espirituwal na aplikasyon ng mga Kasulatan at pagkatapos ay magsasabing ang mga ito ay hindi kinasihan... Ang pinaka kilos n'yo, ang mga motibo, ang mga layunin ng mga tao, aba'y, nagpapatunay na ang Kasulatan ay kinasihan. Ang makita kung papaanong ginagamit ng Diyos ang mga bagay na iyon... Ang ginagawa mo rito ay isang tipo ng kung anong bagay.

109 Tulad ng ialay ni Abraham si Isaac, na kaniyang bugtong na anak, isa itong tipo ng pagkakaloob ng Diyos ng Kaniyang Anak pakatapos ng daan-daang taon. Kung papaanong ipinagbili si Jose at nakulong, kinamuhian ng kaniyang mga kapatid, at inibig ng Kaniyang ama: si Jesus, sa tipo. Kung papaanong gumawa ang Espiritu sa pamamagitan ni Jose, isang lalaki, sadyang ganap na tumipo sa buhay ni Cristo. Kung papaanong si David... Ang Anak ni David ay umupo sa bundok ding iyon... Nang tanggihan si David bilang hari umakyat siya sa burol, sa Bundok ng Olivo, nakalingon, nananangis, bilang isang tinanggihang Hari... Pagkatapos ng ilang daang taon, umakyat ang Anak ni David sa bundok ding iyon bilang isang tinanggihang Hari at iniyakan ang Jerusalem: ang Espiritu sa tipo at anyo.

110 Oh, kung gayon nakikita n'yo ba ang dakilang iglesiang Pentecostal sa huling mga araw na ito? Nakikita n'yo ba kung papaanong pinasinayaan ito ng Diyos nung araw ng Pentecostes, na ang Espiritung iyon ay dapat manatili sa lahat ng mga kapanahunan. Naging mga pormal sila at mga walang pakialam. Kinailangan nilang magtatag ng denominasyon. Kinailangan nilang pagbuklurin ang iglesia at ang estado, at ginawa nga nila iyon na naging dahilan ng daan-daang taon ng pag-uusig. At nagsilabas sila sa repormasyon... At bawat taon, nagbabawas sila sa Espiritu at nagdadagdag sa natural, bawas sa Espiritu at dagdag sa natural, hanggang sa ngayon ay handa na naman nilang ulitin iyon. Tayo'y nabubuhay sa mga huling papawakas nang oras na ito, ang pagiging ganap ng iglesia. Tayo ay nasa Filadefia—o sa kapanahunan ng iglesiang Laodicea.

111 Ngayon, sa unang kabanata, unang talata ay ipinakilala si Juan. Ngayon, sino ang sumulat? Si Juan. Hindi ito kapahayagan ni Juan, at alam nating hindi nga, sapagkat kapahayagan ito ng Panginoong Jesus Cristo. Siya ay

pinili bilang isang alagad. At ang Aklat mismo ang naghahayag no'n, na si Jesus Cristo ang Kaniyang ipinahahayag.

112 At ito ay ipinadala—at ipinaalam kay Juan sa pamamagitan ng Kaniyang anghel. Hindi natin alam kung sino ang anghel na iyon. Hindi sinasabi ng Biblia kung sino ang anghel na iyon. Ngunit alam nating isa itong propeta, sapagkat sinabi ng Biblia bandang huli na, "Akong si Jesus ay nagsugo ng Aking anghel upang magpatotoo tungkol sa mga bagay na ito na kailangan nang matupad nang mabilis."

113 At nakita natin na nang simulang sambahin ni Juan ang anghel, ang sabi niya, "Ingatan mong huwag gawin iyan." Sa Apocalipsis 22 yata 'yon, sa wari ko. At sabi pa niya, "Sapagkat ako'y kapuwa mo alipin at isa sa mga propeta." Maaaring si Elias iyon. Maaaring isa sa mga propeta. Si Juan ay isang apostol, subalit ang propetang ito ay isinugo. At dahil apostol si Juan... Tignan n'yo ang katangian ng iba pa niyang mga sulat; nagpapatunay na hindi si Juan ang sumulat nito, sapagkat hindi ito nagtataglay ng katangiang tulad ng kay Juan. Kunin n'yo ang Unang Juan at Ikalawang Juan, at iba pa, at basahin n'yo. At tignan n'yo ang katangian no'n, at pagkatapos ay tignan n'yo ang katangian nito. Si Juan ay isang manunulat at isang apostol, ngunit ito ay espiritu ng isang propeta. Talagang ibang persona ito. Kita n'yo? Hindi ito sulat ni Juan, o kapahayagan man niya; kapahayagan ito ng Diyos tungkol kay Jesus Cristo sa mga iglesia. At taglay nito... Si Juan lamang ang sumulat, ang tagasulat, at ganu'n din ang sinasabi ng Aklat.

114 Ngayon, hindi ito isinulat kay Juan; Ito'y isinulat sa iglesia. Tama. Nang panahong iyon, si Juan ang pastor ng iglesia sa Efeso. At ngayon, ang Aklat na ito ay isinulat kay Juan—o sa iglesia pala, hindi kay Juan.

115 Ngayon, sa ika-3 talata inihahayag niya ang mga pagpapala; pakinggan n'yo ito.

*Mapalad ang bumabasa, at ang nangakikinig ng mga salita ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon: sapagkat ang panahon'y malapit na.*

116 Ano'ng panahon ang malapit na? Ang panahon ng katuparan ng mga bagay na ito, kapag natapos na ang Kapahayagan ni Jesus Cristo sa bawat kapanahunan ng iglesia.

117 Ngayon, kaya ganito ang pagkakasulat niya rito, dahil kung sinabi niyang... Buweno, ngayon, kung kaniyang... Inaabangan nila Siya na... Kung naihayag na iyon. Kung naihayag na kay Juan na Siya'y darating pagkatapos na pagkatapos ng mga iglesiang iyon... Ganu'n ang akala ni Juan. Ngunit kung ganu'n nga iyon, pagkatapos na pagkatapos ng mga iglesiang iyon, sila'y



315 Ano'ng mangyayari pagdating Niya na nasa alapaap ng kaluwalhatian sa Kaniyang ikalawang pagpapakita at kapag ang mga Judiong iyon na tumuhog sa Kaniya... Alam n'yo, may isa pang Kasulatan na nagsasabing sila'y magatatanong sa Kaniya, "Saan Mo nakuha ang mga sugat na ito?"

316 Ang sabi Niya, "Sa sambahayan ng Aking mga kaibigan."

317 Hindi lang ito magiging mapanaghoy na panahon para sa mga Judio na tumanggi sa Kaniya bilang Mesias, kundi magiging mapanaghoy na panahon din ito sa mga naiwan na mga Hentil sa panahong ito na tumanggap—o tumanggi sa Kaniya bilang Mesias nila ng araw na ito; sila'y mananaghoy at tatangis. Ang natutulog na birhen ay mananaghoy; iyon ang iglesiang tumangging tumanggap ng langis sa liwanag nito.

318 Sampung birhen ang lumabas, lahat ay mabubuting tao, ngunit ang lima sa kanila ay may langis sa kanilang mga ilawan. Ang iba pang lima ay mabubuting tao, mabubuting tao, ngunit hindi sila nakapaglagay ng langis sa kanilang mga ilawan. At sila ay ibinulid sa kadiliman sa labas kung saan ay magkakaroon ng pananangis, pagtaghoy, at pagngangalit ng mga ngipin. Heto na iyon, "Sila'y mananaghoy." Ang sabi ng Biblia magkakaroon ng pananangis at lubos na pagkawasak ng puso na maging...

319 Heto, bibigyan ko kayo ng isa pa: Genesis 45, kung nais n'yong magtungo do'n. Puntahan natin iyon sandali at basahin din natin yung sa Genesis—sa wari ko'y sa ika-45 kabanata ng Genesis o ang... Nais kong makuha ito rito, ang pagpapakilala ni Jose sa kaniyang mga kamag-anak. At kukunin natin ito, upang maipakita lamang ang mga tipo ng kung ano'ng mangyayari sa araw na iyon. Pagkatapos ay paglalakipin natin.

*Nang magkagayon ay hindi na nakapagpigil si Jose sa harap nilang lahat na nakatayo sa siping niya; at sumigaw, Paalisin ninyo ang lahat ng tao sa aking harap.* (Ngayon, alalahanin, sa pagpapakilala ni Jose sa kaniyang sarili, sumigaw siya, "Paalisin ang lahat ng tao sa harap ko.") *At walang taong tumayo na kasama niya samantalang si Jose ay napakikilala sa kaniyang mga kapatid.*

*At siya'y umiyak ng malakas: at narinig ng mga Egipcio, at narinig ng sangbahayan ni Faraon.* (Malamang ay sumigaw siya.)

*At sinabi ni Jose sa kaniyang mga kapatid, Ako'y si Jose; buhay pa ba ang aking ama? At ang kaniyang mga kapatid ay hindi nangakasagot sa kaniya: sapagka't sila'y nagugulumihanan sa kaniyang harap.*

*At sinabi ni Jose sa kaniyang mga kapatid, Lumapit kayo sa akin, isinasamo ko sa inyo. At sila'y lumapit. At kaniyang sinabi: Ako'y si Jose na inyong kapatid, na inyong ipinagbili upang dalhin sa Egipto.*

311 Sige, Zacarias sa—ika-12 kabanata ng Zacarias. At nais nating talakayin ito nang may lubos na pananalangin. At nais ko itong kunin para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ngayon, ika-12 kabanata ng Zacarias, umpisahan natin sa ika-9 na talata. Making kayo nang husto ngayon, Siya'y nangungusap tungkol sa pagdating, Zacarias 12, at simula sa ika-9 na talata:

*At mangyayari sa araw na yaon, na aking pagsisikapang gibain ang lahat na bansa na naparoroon laban sa Jerusalem.* (Isipin n'yo ito.)

*At aking bubuhusan ang sangbahayan ni David, at ang mga mananahan sa Jerusalem, ng espiritu ng biyaya at ng daing; at sila'y magsisitingin sa akin na kanilang pinalagpasan,...*

312 Ngayon, kalian babalik ang Ebanghelyo sa mga Judio? Kapag natapos na ang panahon ng mga Hentil, ang Ebanghelyo ay handa nang mapunta sa mga Judio. Oh, magagawa kong... Kung magagawa ko lang na sabihin sa inyo bago mangyari ang isang bagay na nakahanda nang maganap dito (Kita n'yo?), sa panahong ito mismo. Kita n'yo? Nakahanda na itong mangyari. Makukuha natin ito sa kapanahunan ng iglesia. At ang dakilang bagay na ito ang nakahanda nang maganap ay magtutuloy-tuloy na hanggang sa Apocalipsis 11 at dadamputin ang dalawang propetang iyon na sina Elias at Moises na muling magbabalik para sa mga Judio. Handa na tayo para do'n. Ang lahat ay nakaayos na, sadyang nahahanda na. Ang mensaheng ito para sa mga Hentil, kung papaanong inihatid ito ng mga Judio sa mga Hentil, ibabalik naman itong muli ng mga Hentil sa mga Judio. At darating na ang pag-agaw.

313 Ngayon, alalahanin n'yo, itong naririto ay darating pagkatapos ng kapighatian... Ang iglesia ay hindi dadaan sa kapighatian. Alam natin 'yan; sinabi ito ng Biblia. Kita n'yo? Tama.

314 Ngayon, ibubuhos Niya sa sambahayan ng Israel. Ang ano? Ang kaparehong Espiritu Santo (Kita n'yo?) matapos na makaalis na ang iglesiang Hentil.

... *at sila'y magsisitingin sa akin na kanilang pinalagpasan, at kanilang tatangisan siya, na gaya ng pagtangis sa bugtong na anak, at magiging kapanglawan sa kaniya, na parang kapanglawan sa kaniyang panganay.*

At *sa araw na iyon ay magkakaroon ng malaking pagtangis sa Jerusalem, na gaya ng pagtangis kay Adad-rimon sa libis ng Megiddo.*

*At ang lupain ay tatangis, bawa't angkan ay bukod; ang angkan ng sangbahayan ni David ay bukod, at... ang angkan ng sangbahayan ni Nathan ay bukod, at ang kanilang mga asawa ay bukod; (Kapag nakita nila kung ano'ng mangyayari.)*



darating... Kung iyon ay alam na niya, kung naihayag na sa kaniyang magkakaroon ng pitong mahahabang kapanahunan ng iglesia, na tatagal ng ilang libong taon, o ng ilang daang taon, kung gayo'y walang dahilan para maghintay, ipamumuhay na lang nila ang nalalabi sa kanilang kapanahunan ng iglesia.

118 Samakatuwid, ipinangusap iyon ng Diyos at hindi naihayag sa kanila. Hindi naihayag kay Martin Luther ang mga bagay na nalaman ni Wesley tungkol sa Kasulatan. Hindi naihayag sa mga Baptist kung ano'ng nalalaman ng mga Pentecostal tungkol sa Kasulatan. Sapagkat iyon ay sa iba nang kapanahunan; iba na ang panahon, at inihahayag ng Diyos ang mga bagay na dapat Niyang ihayag sa takdang kapanahunan.

119 Oh, hindi ka maaaring magtanim ng mais sa tagsibol at pagkatapos ay aani ka na rin sa pagkakataong iyon. Nagtatanim ka ng binhi at ito'y tumutubo unti-unti hanggang sa gumulang. Itinatanim ng Diyos ang Kaniyang Salita, at kapag tumubo na, nililingon natin at sinasabi natin, "Hayun na Iyon." Aba'y, tunay ngang nakikita natin Iyon matapos na maipahayag.

120 Ngayon, "Mapapalad..." ang salita, ang paghahayag ng pagpapala (sa ika-3 talata) sa mga bumabasa o nakikinig ng mga hiwaga nito... Gumawa... Iniiwasan ito ng karnal na pag-iisip, sapagkat wala itong kamalay-malay tungkol dito. Hindi nakapagtatakang hindi ito nalalaman ng karnal na pag-iisip, sapagkat si Satanas ang nasa karnal na pag-iisip; at si Satanas ay nalantad na, at ayaw niyang malantad ang kaniyang sarili.

121 Napansin n'yo ba kung gaano ang takot ni Satanas kapag iniisip niyang malalantad na siya? Magmatiyag kayo sa isa sa mga gawain; masdan n'yo ang kilos ng mga tao. Matiyagan n'yo iyan sa aking mga pagtitipon. Bago malantad si Satanas sa isang tao, makikita n'yong nagbabago ang kaniyang mukha. Mangyari kasi, hindi nila alam kung ano'ng dapat nilang isipin. Bigla na lamang bumababa ang Espiritu Santo at inilalantad ang diablo. Oh, namumuhi siya sa ganu'ng uri ng pagtitipon. Iyan ang dahilan kaya't dumanas tayo ng matinding pakikibaka, sapagkat inilalantad ng Salita ng Diyos ang diablo. Kita n'yo? Sinasabi Nito kung ano siya.

122 Tulad ng kapag sinabi mo, "Ang babaeng nakaupo rito," sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu Santo, sasabihin mo, "ang kaniyang pangalan ay Miss Jones. Siya ay taga Ganito-at-ganiyan." Ano'ng ginagawa no'n? Dinadampot nito ang kaniyang espiritu, dinadala sa isang lugar.

123 "Papaano niya ako nakilala? Hindi ako kilala ng lalaking iyon, kaya't malamang isang espiritu ang may gawa no'n. Ano'ng uri iyon ng espiritu?"

124 "Ang Espiritu iyon ng Diyos."

125 "Papaano? Ano'ng nangyayari sa akin?"

126 "Mayroon kang tuberculosis, cancer," anuman iyon, "ngunit ITO ANG SABI NG PANGINOON..." Oh. Oh, muhing-muhi si Satanas diyan, sapagkat nailalantad siya.

127 Ngayon, ang karnal na pag-iisip ay titingin at magsasabi, "Pagbasa 'yan ng pag-iisip, *mental telepathy*." Hindi nila alam. Kahangalan ito sa kanila. Ngunit sa mga nakaaalam kung ano ito, oh, napakalaking pagpapala nito.

128 Ano iyon? Isang kapahayagan. Kaninong kapahayagan? Ng lalaking nasa pulpito? Ni Jesus Cristo sa huling kapanahunan ng iglesia, ipinahahayag ang Kaniyang Sarili tulad ng ipinangako Niyang gawin.

129 Isa itong kapahayagan. Kita n'yo? At namumuhi do'n si Satanas. Naku, muhing-muhi siya ro'n. Siya'y nalalantad, nalalantad ang kaniyang mga plano.

130 Namumuhi si Satanas sa Apocalipsis at Genesis, isinulat ko dito. Totoo nga 'yon. Ngayon, bakit siya namumuhi sa isang kapahayagan? Bakit ba laban na laban siya sa kapahayagan? Sapagkat ang buong aklat ng Salita ng Diyos at ang iglesia ng Diyos ay buong kataimttimang nakasalig sa kapahayagan. Hindi kailanman sa pamamagitan ng isang paaralan. 131

Gaano man karaming mahuhusay na seminaryo ang mayroon tayo, sila'y napag-iwanan na sa makulimlim na kapanahunan. Ang Biblia at ang iglesia ay ganap ngang isang kapahayagan.

132 Buksan natin... May ilang mga Kasulatan akong isinulat dito, ika-16 na kabanata ng Mateo, at sa ika-18 talata. Sulyapan nga natin ang Mateo 16:18, tignan natin kung nasaan ang Kasulatan—kung bakit ito'y kapahayagan. Pababa sila ng bundok, sa ika-17 talata...

*At sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Mapalad ka, Simon Barjonas; sapagka't hindi ipinahayag sa iyo ito ng laman at ng dugo, kundi ng aking Ama na nasa langit.*

*At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kaniya.*

133 Ngayon, ang sabi ng iglesiang Catolico itinayo Niya raw iyon kay Pedro. Buweno, iyon ay talagang karnal na pag-iisip. Hindi mo maisip na ang isang espirituwal na pag-iisip ay magkakaroon ng ganu'ng pang-unawa, na ang Diyos, habang nakatayo ro'n ang Kaniyang Anak, ay sa isang karaniwan, ordinary, at isinilang sa kasalanang tao itatayo ang Kaniyang iglesia.



kunin ang natitira sa Pangitain sa Patmos. Sa araw na ito ay magtatapos tayo sa anunsyo.

303 Oh. Maganda ba ang pakiramdam n'yo? Mahal n'yo ba ang Bibliang ito...?... Ito ay kapahayagan ng ano? Ano ito? Iniunat ng Diyos ang Kaniyang kamay sa Aklat na ito at tinanggalan Niya ng lambong, aniya, "Hayun Siya: Propeta, Saserdote, Hari, Ama, Anak, Espiritu Santo, ang nakaraan, ang ngayon, at ang darating, ang lahat ng mga ito. Ito ay ang Diyos."

304 Ngayon, tanggalan natin sa loob ilang sandal, kung loloobin ng Panginoon, ang ating mga mata, at kunin natin...

*Narito, siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap;...*

305 Ngayon, papaano Siya darating? "Nasa mga alapaap." Ano'ng klaseng ulap? Mga ulap ng kaluwalhatian, hindi tulad ng mga ulap sa himpapawid, mga ulap-ulan, kundi mga ulap ng kaluwalhatian. Kung mamasdan n'yo kung ano'ng uri ng ulap ang bumalot sa Kaniya nang makita ni Pedro at ng iba pa sa kanila ang pangitain tungkol sa Kaniya sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo... Nilukuban Siya ng Ulap; nagliwanag ang Kaniyang damit. Binalot Siya ng ulap, ng kapangyarihan ng Diyos.

306 Oh, pupuntahan natin 'yon dito sa mga kapanahunan ng iglesia; sinasabi ko sa inyo, sadyang kinikilig ang aking kalooban kapag pinag-iisipan ko ito, Kung ano ang Kaniyang pagdating... Nakikita ko ang araw na ito na kinabubuhayan natin, kung saan ay wala nang nalalabing pag-asa kundi ang Kaniyang pagdating.

307 Ngayon, kukunin natin ito nang madali. Ngayon, alalahanin.

... *makikita Siya ng bawat mata,...*

308 Ngayon hindi pa iyon ang pag-agaw. 'Yon na ba? Hindi 'yon ang pag-agaw. Hindi 'yon ang pag-agaw. Ano ang tinutukoy Niya? Ang ikalawang pagdating.

... *at ng nangagsiulos sa Kaniya; at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa Kaniya...*

309 Ngayon, magbabalik at kukuha tayo ng ilang kasaysayan. Bumalik tayo sa Zacarias, at kunin natin ang ika-12 kabanata ng Zacarias. Sige.

310 "At idinagdag ng Panginoon sa iglesia araw-araw yaong mga maliligtas." Napakalaki ng pasalamat natin sa mainam na kapahayagan ni Jesus Cristo. Hindi ba kayo nagpapasalamat sa Kaniya? Ngayon, isasa-aklat namin ito sa lalong madaling panahon para sa mga tao, at pag nagkagayon ay maaari na kayong magkaron nito upang inyong mabasa sa katahimikan ng inyong silid at iba pa at pag-aralan n'yo ito sa inyong sarili.

inyong mga kasalanan." Mayroon siyang kapahayagan. Si Juan ay may kapahayagan. Si Jesus ang Kapahayagan; inilhad Niya ang Kaniyang Sarili dito mismo sa Kasulatan, "Ako ang nakaraan, ang ngayon, at ang darating, ang Makapangyarihan sa lahat." Whew.

297 Sige. Ngayon, pumunta na tayo sa ika-7 talata, nang madali, para makalabas tayo sa lalong madaling panahon:

*Ang Makapangyarihan sa lahat... ang paghaha... ang kaluwalhatian at ang paghahari magpakailan kalian man. Siya nawa.*

*At... ginawa tayong kaharian, mga saserdote sa kaniyang Dios... Ama; sumakaniya nawa ang kaluwalhatian at paghahari magpakailan kalian man. Siya nawa.*

298 Kita n'yo ang kapahayagan do'n? Papaano iyon ipinahayag? Ganu'n na lang ang Diyos... Nagkakamot ng kanilang ulo ang mga tao, at sinasabunutan ang kanilang sarili, at iba pa, sa pagsisikap nilang kung ano ba ang Ama, Anak, Espiritu Santo; ginagawa itong tatlo sa isa. Huwag n'yong sabunutan ang inyong sarili at huwag kayong magkamot ng ulo; tumingala lang kayo, ang kapahayagan ay nagmumula sa itaas. At tama iyon. Ipahahayag Niya ito. Hindi Ama, Anak, at Espiritu Santo; ito'y tatlong opisina na pinamuhayan ng iisang Diyos.

299 Nasa opisina Siyang "Espiritu" nang mag-isa dati, sapagkat ang tao ay magpapakababa. Pagkatapos ay ginawan Niya ng isang katawan ang Kaniyang Sarili, namuhay Siya ro'n upang makalikha ng Sarili Niyang Dugo, hindi sa pamamagitan ng sex tulad ng nangyari sa halamanan ng Eden, kundi gumawa Siya ng nilikhang katawan. At sa pamamagitan ng katawang iyon na ipinanganak ng isang birhen, nagkaloob Siya ng Dugo na luminis sa atin at nagkalag sa atin sa ating mga di pananampalataya upang makasampalataya tayo sa Kaniya.

300 At kapag ginawa natin iyon, tinatanggap natin Siya sa ating puso, at iyon ay ang Diyos na nasa atin: Diyos, Ama, Anak, at Espiritu Santo (Kita n'yo?), tulad din ng Propeta, Saserdote, at Hari. Ganu'n din iyon.

301 Sige, ngayon sa ika-7 talata, ito ang pag-aanunsyo. Ang anunsyo ay:

*Narito, siya'y pumaparitong nasasa mga alapaap; at makikita siya ng bawat mata, at ng nangagsiulos sa kaniya; at ang lahat ng mga angkan sa lupa ay magsisitaghoy dahil sa kaniya...*

302 Oh. Gaano pa karaming oras ang mayroon tayo? Napakagand niyon. Makapagbibigay pa ba kayo ng tatlumpu—dalawampung minuto? Kaya n'yo pa? Sige. Ngayon, kung gayon bukas... Mamayang gabi ay susubukan nating



Pinatunayan niya 'yon. Sa pamamagitan ng espiritung nasa kaniya, sinumpa niya si Jesus at itinatuwa nang mukhaan.

134 Hindi kay Pedro, o kaya'y sa isang batong nakalapag doon, tulad ng sinasabi ng ilang mga iglesia; hindi iyon bato, 'pagkat si Pedro'y... Ang batong tinutukoy Niya ro'n, ay hindi si Pedro at hindi rin ang Kaniyang Sarili.

135 Ngayon, maraming mga Protestanteng na nagsasabi, "Si Jesus iyon. Sa Kaniya itinayo ang iglesia: Siya." Hindi, mali pa rin iyon. Kung mapapansin n'yo, hindi si Jesus iyon, ni hindi rin si Pedro; iyon ay ang kapahayagan. "Hindi ito ipinahayag sa iyo ng laman at dugo, kundi ng Aking Ama na nasa langit ang nagpahayag nito."

136 Tignan n'yo. Nais kong tanungin kayo. Sa hardin ng Eden ay wala pang Kasulatang naisulat. At ang dalawang lalaking sina Cain at Abel ay kapuwa nagnasang mag-alay at makasumpong ng lingap sa Diyos. Nang gawin nila 'yon, dumating si Cain at nagtayo ng isang altar; nagtayo rin si Abel ng isang altar. Buweno, kung iyon lang ang hinihingi ng Diyos, magiging liko ang Diyos kung hahatulan Niya si Cainl. Tama. At si Cain ay nag-alay; ganu'n din si Abel. Kapuwa sila nag-alay. Sumamba si Cain, at ganu'n din si Abel. Ginawa ni Cain lahat ng ginawa ni Abel.

137 Kaya't kung ang pagsisimba, pagiging kasapi ng iglesia, pag-aalay, at pananalangin, at pagsamba sa Diyos lang ang hinihingi ng Diyos, kung gayon ay magiging liko Siya kung hahatulan Niya si Cain dahil sa ganap na pagtupad niya sa Kaniyang sinabi.

138 Ngunit, kita n'yo, nalaman ni Abel sa pamamagitan ng kapahayagan na hindi prutas ang nagtaboy sa kanila sa hardin ng Eden, tulad ng iniisip ng maraming karnal na pag-iisip sa araw na ito. Dumating si Abel at nag-alay ng bunga ng lupain, at ito'y tinanggihan ng Diyos, ngunit naihayag... Ang ibig kong sabihin ay si Cain, pagpaumanhinan n'yo ako. Nag-alay si Cain ng bunga ng lupain, dahil akala niya iyon ang naglabas sa kanila mula sa hardin ng Eden. Masdan n'yo ang kapahayagang iyon. Masdan n'yo ang di pagkakasundo ro'n. Masdan n'yo kung papaano ito nakasasakit sa araw ito. Ngunit hindi prutas ang naglabas sa kanila. Hindi kumain si Eva ng mansanas. Tunay nga. Papaano niya nalamang nakahubad siya, kung pagkain iyon ng mansanas? Tumutukoy iyon sa seksuwal na pamumuhay: tiyak iyon.

139 Ngayon, tatalakayin natin iyon bilang isang pag-aaral, at kailangan nating, babalik tayo sa... Wala silang isang mang Kasulatan.

140 Ang ilan sa kanila ay nagsasabi, "Buweno, ang sabi niya, 'Nakatanggap ako ng anak mula sa Panginoon.'" Opo; ganu'n din ang babaeng bayaran; ang Diyos ang kailangang lumikha ng lahat ng buhay. Ngunit iyon ay isang

binaluktot na buhay; tignan n'yo ang kalikasan ng lalaking iyon. Siya ay mula sa kaniyang ama, ang diablo: pagkamuhi, masama, pagpatay. Kita n'yo?

141 At kung papaanong si Abel... Nang kanilang—sinabi marahil ng kaniyang mga magulang sa kanila na iyon—iyon ay... Ang mga punongkahoy ay mayroong bunga at iba pa. Ngunit ipinahayag ito kay Abel. Humayo si Abel at kumuha ng isang kordero para sa dugo, kumitil siya ng buhay, hindi ng isang punongkahoy, na namumunga ng mansanas, at saging at peras.

142 "Ngunit si Abel, sa pamamagitan ng isang espirituwal na kapahayagan," Mga Hebreo 11, "ay naghandog sa Diyos ng higit na mainam na hain, pinatotohanan ito ng Diyos, sapagkat naipahayag sa kaniya sa pamamagitan ng pananampalataya."

143 Diyan itinayo ng Diyos ang Kaniyang iglesia. "Sapagkat hindi Ito inihayag ng laman at dugo sa... (Hindi mo ito natutunan sa isang seminary. Hindi ito itinuro sa iyo ng kung sino sa kung saang lugar.) Kundi ang Ama Ko na nasa langit ang nagpahayag nito sa iyo."

144 Ang kabuuan niyon ay nakasalig sa kapahayagan, ang buong iglesia, "Sa ibabaw ng bato ng kapahayagan ni Jesus Cristo ay itatayo Ko ang Aking iglesia."

145 Maaaring tanggapin mo kung ano'ng sinasabi ng iyong pastor. Maaaring tanggapin mo ang itinuturo ng iyong seminary. Maaarig tanggapin mo ang sinasabi ng iglesia. At hindi pa rin iyon tama. Maaaring maipaliwanag mo nang buong kahusayan ng pananalita. Ngunit malibang ihayag sa iyo ng Diyos na si Jesus Cristo ay Kaniyang Anak at ikaw ay naligtas sa pamamagitan ng Kaniyang Dugo, sa ibabaw ng kapahayagang "Siya ang aking Tagapagligtas."...

"Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking iglesia, at ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban Dito."

146 Kung gayon ay nakikita n'yo na kung bakit laban na laban si Satanas sa Aklat ng Apocalipsis. Si Satanas ay laban sa anumang bagay na naipahayag, sa espirituwal na kapahayagan. Kaya siya laban na laban sa ministeryo sa araw na ito. Sapagkat... Ano iyon? Ang pagpapahayag ni Cristo.

147 Hinahayaan niyang magpatuloy ang iglesia sa naglalakihang mga denominasyon nito, at mga organisasyon, at mga mabulaklak na mensahe, at iba pa. Hinahayaan niya lang silang magpatuloy; hindi iyon gagambalain ni Satanas. Wala silang silang problema. Tinatapik sila sa likuran ng lahat.

148 At darating ang pagkakataon na ihahayag muli ng Diyos si Cristo sa iglesia sa pamamagitan ng Espiritu Santo na may kalakip na kapangyarihan at



Ama ang ama Niya? Kung gayon ang Diyos Ama at ang Espiritu Santo ay iisang Espiritu, kung hindi'y dalawa ang ama Niya.

*At si Jose na kaniyang asawa, palibhasa'y lalaking matuwid,... ayaw na ihayag sa madla ang kaniyang, ay nagpasiyang hiwalayan siya ng lihim.*

*Datapuwa't habang pinag-iisipan niya iyo, narito ang isang anghel ng Panginoon ay napakita sa kaniya sa panaginip, na nagsasabi: Jose, anak ni David, huwag kang mangamba sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa: sapagka't ang kaniyang dinadalang-tao ay sa...* (Diyos Ama, ha?)... *Espiritu Santo.*

291 Kung gayon, sino ang ama ni Jesus Cristo? Ang Espiritu Santo. Ano ang nasa inyo? Buweno, iyan ay ang Diyos Ama rin, hindi ba? Tunay nga.

292 *At siya'y manganganak ng isang lalake, at ang pangalang itatawag mo sa kaniya ay JESUS:...*

Heto ang Diyos Ama. Heto ang Diyos Espiritu Santo. At heto ang Diyos Anak. Kita n'yo? Iyan ay tatlong diyos. Hindi nagsasabi ng ganiyan ang Biblia. Ang dalawang ito ay kinakailangang maging iisa kung hindi'y dalawa ang ama Niya. Kita n'yo? Hindi Siya maaaring magkaroon ng dalawang ama. Alam n'yo 'yon.

293 Ngayon, siya'y manganganak ng isang lalaki, at tatawagin nila ang Kaniyang pangalan na JESUS: sapagkat ililigtas Niya ang Kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan.

294 Ngayon, lahat ng ito ay nangyari nga, upang maganap ang sinalita ng Panginoon sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi... isang dalaga ang magdadalang-tao, at manganganak ng isang lalaki, at ang pangalang itatawag nila sa Kaniya ay Emmanuel, na kung liliwanagin, ay sumasa atin ang Diyos. Iyan ay sa unang kabanata ng Mateo. Sa Mateo 28:19, sinabi naman ni Jesus, "Magsiyaon nga kayo at magbautismo kayo sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo." Ano ang Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo? Jesus Cristo, siyempre.

295 Kapag nakabasa kayo ng kuwento ng pag-ibig, na ang sabi, "Sina Juan at Maria ay namuhay nang maligaya pagkatapos niyon." Sino sina Juan at Maria? Bumalik ka sa umpisa ng kuwento at alamin mo. Kung walang gayong bagay, walang pangalang "Ama, Anak, or Espiritu Santo," kung gayon, kaninong Pangalan iyon? Bumalik ka sa umpisa ng kuwento at tignan mo kung sino ang tinutukoy Niya.

296 Si Pedro, nung araw ng Pentecostes, ay nagsabi, "Magsisi ang bawat isa sa inyo, magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng

285 Kausap ko ang isang Judio di pa katagalan, dito sa House of David, ang sabi niya, “Kayong mga Hentil, hindi n’yo maaaring paghatihatiin ang Diyos sa tatlong bahagi at pagkatapos ay ibibigay n’yo sa isang Judio. Mas maigi ang alam namin diyan.

286 Ang sabi ko, “Ayun na nga, rabi. Hindi namin hinahati ang Diyos sa tatlong bahagi.” Ang sabi ko, “Naniniwala ka ba sa mga propeta?”

287 Ang sabi niya, “Oo naman.”

Ang sabi ko, “Naniniwala ka bas a ISaias 9:6?”

Ang sabi niya, “Oo.”

Ang sabi ko, “Sino ang tinutukoy ng propeta?”

“Ang Mesias.”

Ang sabi ko, “Ano’ng magiging relasyon ng Mesias sa Diyos?”

Ang sabi niya, “Siya ay magiging Diyos.”

Ang sabi ko, “Tama ’yon.” Amen.

Kita n’yo, hayan. Kita n’yo, hindi n’yo Siya maaaring putul-putulin sa tatlong bahagi.

288 Kung kayong mga misyonaryong naririto... Ang isa sa kanila’y magpupunta sa mga Judio; sa paniwala ko itong lalaking nakaupo rito. Huwag na huwag n’yong subukang ibigay ang Diyos—o sa Judio ang Ama, Anak, at Espiritu Santo; sasabihin niya kaagad sa inyo kung saan ito nagmula: “Sa Nicene Council.” Hindi siya makikinig diyan. Ngunit ipakita n’yo sa kaniya na ang Diyos ay nagkatawang-tao, at Siya lamang ang tanging Diyos: ang Diyos ay nahayag sa laman sa anyong tao at nabuhay sa ating kalagitnaan upang pakabanalin tayo, at inalis siya, upang Siya mismo ay makaparito sa anyo ng Espiritu Santo. Ang Diyos Ama at Espiritu Santo ay iisang Persona.

289 Ang sabi ng Biblia sa saling-lahi ni Jesus Cristo, sa unang kabanata ng Mateo, “Ipinanganak ni Abraham si Isaac; ipinanganak ni Isaac si Jacob.” At sa pagpapatuloy ang sabi... At pagkatapos... Hayaan n’yong basahin ko iyon, at kung magkagayon ay malalaman n’yo kung anong sinasabi ko. Mateo, sa unang kabanata, at tayo’y... Ngayon, magsimula tayo sa ika-18 talata:

*Ang pagkapanganak nga kay Jesucristo ay ganito: nang si Maria na kaniyang ina ay magaasawa kay Jose, bago sila magsama ay nasumpungan siya’y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng* Diyos Ama.

290 Ganu’n ba ang pagkakasabi? Nasumpungang nagdadalang-tao sa pamamagitan Nino? Ang... [Patlang sa tape—Ed.]. Akala ko ba ang Diyos



pagpapamalas ng pagpapagaling ng maysakit, at tutuparin ang mga tandang sinabi Niyang susunod sa mga mananamapalataya, at kung magkagayon ay mapapabalikwas si Satanas sa kaniyang higaan; gagawa siya ng isang bagay hinggil dito. Hangga’t di dumarating ang pagkakataon iyon, walang pakialam si Satanas kung gaano karaming iglesia ang sinasapian mo. Wala siyang pakialam kung gaano karami. Ngunit kapag ipinahag ni Cristo sa iyo na Siya ang Anak ng Diyos at ang mga gawang ginawa Niya ay gagawin mo rin; hindi ibang mga gawa, kundi kaparehong mga gawa...

149 “Ang sumasampalataya sa Akin...” San Juan 14:7, “Ang sumasamapalataya sa Akin, ang mga gawang ginagawa Ko ay gagawin niya rin naman. Gagawin niya ang kaparehong mga gawa, at higit pa sa mga ito...” Dahil hindi magawang ipangaral ni Cristo ang bautismo ng Espiritu Santo kaya ito’y higit pa. Hindi Niya iyon nagawang ihatid sa kanila, sapagkat hindi pa naipagkakaloob ang Espiritu Santo. Ngunit nang dumating si Jesus at nag-alay ng Kaniyang buhay, at bumalik ang Espriitu Santo, nagawa nilang magbahagi ng Buhay na Walang Hanggan sa mga tao. Mas higit iyon.

150 Ngunit ang mga tanda at kababalaghan, malinawa na sinabi ni Jesus sa Marcos 16, “Magsiyaon nga kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat kinapal.” Hanggang saan? Sa buong sanlibutan. Sa gaano karami? Sa bawat kinapal.

151 Hangga’t naipangangaral ang Ebanghelyo, ang mga tandang ito ay lalakip sa mga nagsisisampalataya. At kapag iyan ay naging isang kapahayagan, kapatid, nailapit ka na sa Kaharian. “Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking iglesia, at hindi makapananaig ang hades laban dito.”

152 Sapagkat ang lalaki o babaeng mag-isang napunta sa likuran ng ilang tulad ni Moises, at napamalas sa kaniya ang kapahayagan ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo, walang makatitinag sa kaniya. Napakatibay at napakatatag niya. Muhi si Satanas kapahayagan. Ayaw na ayaw niya iyon: nasisira ang kaniyang mga plano.

153 Ang katangian ng Aklat ay nagpapakitang hindi si Juan ang sumulat Nito. Tama. Sapagkat ang mga ito ay... Ang mga ito ay... Ang mga ito ay sulat niya, ngunit hindi niya inspirasyon. Ang inspirasyon ng Diyos ang sumulat ng Aklat.

154 Sige, tignan na natin kung ano’ng sinasabi nito ngayon.

*Mapalad ang bumabasa, at ang nangakikinig ng mga salita ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon: sapagkat ang panahon ay malapit na.*

155 Ngayon, “Ang panahon ay malapit na.” Ano? Kapag ang kumpletong kapahayagan ni Jesus Cristo ay naipaalam na sa Kaniyang mga iglesia. At habang dumaraan ang mga kapanahunan, sadyang naihahayag ito sa kanila.

156 Ngayon, nasa huling panahon na tayo, kaya’t nasa wakas na talaga tayo ng daigdig. Nasa pagtatapos na tayo ng kasaysayan ng daigdig. At bago matapos ang linggong ito, at sinasamahan tayo ng Diyos, tinutulungan tayo, patutunayan nating nasa pagtatapos na tayo ng mga kapanahunan ng iglesia. Tayo’y nasa Filadel—o sa kapanahunan ng iglesiang Laodicea, ang katapusan ng lahat ng mga kapanahunan. Nasa pagtatapos na tayo ng lahat ng mga bagay. Malapit na tayong pumasok sa wakas ng bawat natural na bagay.

157 Galing ako sa isang lugar nung isang araw, sa wari ko’y papunta ako sa Shreveport, tumingin ako; ang sabi ko, “Nangamamatay na ang mga punongkahoy. Ang damo ay ganu’n din. Maging ang mga bulalak. Ako rin. Ang mundo’y namamatay na. Ang lahat ay namamatay na. Lahat ng bagay sa mundo ay nangamamatay na.” Nakaupo tayo ngayong umaga, namamatay na.

158 Tiyak na may isang daigdig kung saan ang lahat ng bagay ay hindi namamatay. Kung mayroong isa kung saan ay nangamamatay ang lahat ng bagay, siguradong mayroong isa kung saan ang lahat ay nabubuhay. Ang lugar na iyon ang pinananabikan nating marating kung saan may—ang mga punongkahoy ay imortal na nakatayo: pupunta tayo sa lugar kung saan ang lahat ay imortal at nakatayo sa kaluwalhatian ng Diyos.

159 Ngayon, ngayon, natalakay na natin ang unang tatlong talata, sa paglalatag ng *background*. Ang una ay ang Kapahayagan ni Jesus Cristo. Ang ikalawa, ibinigay iyon kay Juan sa pamamagitan ng isang anghel. At ikatlo, “Mapalad,” ang pagpapala sa mga bumabasa. At kung hindi ka makabasa, “Mapalad ang dumirinig.” Kung hindi ka makabasa, pakinggan mo na lang; iyon lang. “Mapalad ang bumabasa,” at kung hindi ka makabasa, “Mapalad ang dumirinig, sapagkat ang panahon ay nalalapit na.”

160 Ngayon, isipin n’yo kung ano ang pakahulugan ni Juan, na siyang may sulat, sa pagsulat niya nito... Si Juan dito ay nagsasabi lamang ng mga “pagpapala” at iba pa. Ngayon, sa palagay ko ang tinutukoy niya ay yaong nung Lumang Tipan ang saserdote ay tumatayo sa umaga at nagbabasa ng Kasulatan. Ang kongregasyon ay nakikinig. Marami ang hindi marunong bumasa. Kaya ang sabi niya, “Mapalad ang bumabasa at ang nakikinig.” Kita n’yo? Ang tagabasa at ang tagapakinig: ang bumabasa at ang nakikinig ay kapuwa pinagpala. Kaya’t kung uupo ka lang at pakikinggan mo Iyon, ikaw ay pinagpala. “Mapalad ang bumabasa, at ang nakikinig; sapagkat ang panahon ay malapit na.”



277 Ang sabi niya, “Papaano kayo nabautismuhan?”

278 Ang sabi, “Nabautismuhan kami kay Juan.”

279 Ang sabi niya, “Tunay na nagbautismo si Juan sa pagsisisi (sa pagsisisi), na nagsasabing dapat kayong sumampalataya sa Kaniya (ang Cordero, ang Hain na darating), sa Panginoong Jesus Cristo.” At nang marinig nila ito, sila’y binautismuhang muli sa Pangalan ni Jesus Cristo. At pinatungan sila ng kamay ni Pablo at tinanggap nila ang Espiritu Santo, at sila’y nagsalita ng iba’t ibang wika, at nanghula.

280 Sabihin n’yo sa akin na hindi iyan Kasulatan, at ipakita n’yo sa akin saan man na ang sinuman ay nabautismuhan sa ibang paraan sa Bagong Tipan maliban sa Pangalan ng “Panginong Jesus Cristo.” Ipakita n’yo sa akin.

281 Si Saint Agabus at marami pa sa ibang nabautismuhan, sa mga panahon bago dumating ang Nicene Council, bawat isa sa kanila ay nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. At inararo ng mga misyonero ang mga kabukiran ng Pangalan ni Jesus Cristo.

282 Ngunit nang dumating Nicene Council, kinailangan nilang magkaroon ng tatlong diyos. Tinanggal nila si Pablo—o tinanggal nila si Jupiter at ipinalit si Pablo. Tinanggal nila si Venus at ipinalit si Maria. Lahat na ng klase ng diyos ay mayroon sila, lahat ng uri ng santo, at lahat ng iba pa, at gumawa sila ng pangtatluhang bautismo, at ito’y pinakain sa mga Protestante. At nilunok naman nila.

283 Ngunit dumating na ang mga Panggabing Liwanag. Ang sabi ng propeta, “Magliliwanag pagsapit ng gabi.”

It'll--it'll be Light in the evening time,
The path to glory you will surely find;
In the water way, that's the Light today,
Buried in the precious Name of Jesus.
Young and old, repent of all your sins,
The Holy Ghost will surely enter in;
The evening Lights have come,
It is a fact that God and Christ are one.

284 Naniniwala ba kayo dito? Ang sabi ni Pedro nung araw ng Pentecostes, “Pakatalastasin nga ng sambahayan ng Israel, na ginawa ng Diyos na Panginoon at Cristo, ang Jesus na ito na inyong ipinangako sa krus; pakatalastasin nang buong katiyakan ng buong angkan ng Israel.”

265 Dumaan doon si Pablo at nakita niya sina Aquila at Priscila (sa ika-18 kabanata ng Mga Gawa.) At pagkatapos ay nagtungo siya roon upang makipaghapunan kina Aquila at Priscila. Sinabi nila sa kaniya ang tungkol sa dakilang lalaking ito. Humayo sila upang siya'y pakinggan; pinakinggan niya siya nung gabing iyon. Ang sabi niya, "Napakahusay niya. Napakainam niyon. Magaling," ngunit ang sabi niya, "natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo magmula nang kayo'y magsisampalataya?"

266 Papaano kayong mga Baptist diyan na naniniwalang natanggap n'yo na ang Espiritu Santo nang kayo'y sumampalataya?

267 Ang sabi niya, "Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo magmula nang kayo'y sumampalataya?"

268 May nagsabi, "Hindi iyon nakusulat diyan."

269 Sinasalungat ko 'yan. Narito sa akin ang tunay na Griego, ganun din ang Hebreo. Ang sabi ng Biblia sa Griego, at pati sa Hebreo at ganun din sa Aramaic. Narito sa akin ang tatlong ito, na nagsasabi, "Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo magmula nang kayo'y sumampalataya?" Tama. "Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo magmula nang kayo'y sumampalataya?"

270 Ngayon, ang sabi niya, "Hindi naming alam kung mayroon bang Espiritu Santo."

271 Nang magkagayo'y sinabi niya, "Papaano kayo nabautismuhan?"

272 Ang sabi nila, "Nabautismuhan na kami ng lalaking nagbautismo sa Panginoong Jesus Cristo. Nabautismuha kami sa bautimo ni Juan (sa iisang bautismuhan, marahil ng iisang tao)."

273 Ang sabi ni Pablo, "Hindi na uubra iyon; nagbautismo lamang siya sa pagsisisi, hindi sa kapatawaran ng kasalanan."

274 Ngayon, ilan sa inyong mga Oneness ay dumating at nagbabautismo nang mali. Nagbabautismo kayo sa ikaliligtas. Hindi nagliligtas ng tao ang tubig; ang Dugo ang nagliligtas, pagsisisi. Hindi sa bautismo natatanggap ang bagong kapanganakan, hindi po. Ang kapanganakang muli ay dumarating sa pamamagitan ng Espiritu. Ang bautismo ay isang panlabas na pagpapahayag na may naganap na isang panloob na gawa ng muling kapanganakan. Kita n'yo?

275 Tama, pansinin n'yo. Ang sabi niya, "Natanggap n'yo na ba ang Espiritu Santo magmula nang kayo'y sumampalataya?"

276 Ang sabi nila... Ang sabi niya, "Hindi naming alam kung mayroon bang Espiritu Santo."



161 Ngayon, mula sa ika-4 hanggang sa ika-6 ay pagbati sa iglesia. Ngayon, nais nating talakayin ang ika-4 at ika-6 na ito.

162 Ngayon, bago natin iyon talakayin, nais kong mag-isip mabuti ang bawat isa. Ano na ito? Ito ay ang kapahayagan ni Jesus Cristo, kung saan ay tinanggal ng Diyos ang tabing sa panahon... Narito ang panahon, na hindi pa nagawang makita ni Jesus nang Siya ay naririto sa lupa: ang mga kapanahunan ng iglesia, kung ano ang magaganap. Kaya't inalis ng Diyos ang tabing, hinawi Niya ito, at pinasilip si Juan upang makita kung ano ang mangyayari sa bawat kapanahunan ng iglesia, at ipanasulat sa isang aklat, at ipinadala sa pitong kapanahunan ng iglesia.

163 Ano ito? Si Cristo ay naihayag sa mga panahon ng Kaniyang paggawa. Punong-puno ang Aklat na ito ng paggawa. At isa itong Aklat ng mga propesiya na ibinigay ni Cristo—na ibinigay sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Anghel, na isinulat ni Juan, at isang pagpapala sa bawat babasa Nito o dirinig Nito. Anong... Sapagkat malapit na ang panahon ng katuparan ng lahat ng ito.

164 Mayroon na tayong magandang tagpo ngayon... At alalahanin n'yo, pinapanatili natin ang iglesia sa ating kaisipan. Sa isang panig ang iglesia ay nagsimula; sa kabila naman ay magtatapos ang iglesia. Higit pa natin iyang tatalakayin pagdating natin sa mga kapanahunan ng iglesia.

*Si Juan sa pitong iglesia na nasa Asia: Biyaya ang sumainyo nawa, at kapayapaan mula doon sa kaniya na ngayon, at nang nakaraan at darating; at mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng kaniyang luklukan.*

165 Ngayon, pumapasok na tayo sa mga mahiwaga at malalalim na bahagi ng mga simbulo. Isinulat ito sa pitong iglesia na nasa Asia Minor. Mayroon silang... Sa pagkakataong iyon ang mga kapanahunan ay paparating pa lamang. At itinaas Niya ang iyon at pinuri dahil sa kanilang gawa at sa kanilang naisagawa. Ngunit ngayon, ito'y isinulat sa mga iglesiang iyon, sa pitong iglesia na nasa Asia Minor.

166 Ngayon, ang Asia Minor ay hindi ang buong Asia, ang kontinente ng Asia. Maliit na bahagi lamang ito. Ang sabi nila, isa itong lugar na halos sinlaki ng estado ng Pennsylvania (Kita n'yo?), o mga ganu'n, o ng Indiana: isang maliit na dako lang ang kinaroroonan ng pitong iglesiang ito.

167 Maraming iba pang iglesia maliban sa mga iyon nung panahong iyon. At... Ngunit naghayag ito ng kanilang mga katangian. Ngayon, binabasa ko rito kung ano'ng nakuha ko mula sa—binabasa ko ang kasaysayan nito.

At kaniyang... "Sumpain ang hindi bumabasa at... o, at hindi dumirinig Nito..."

168 At—at ngayon, humantong na tayo sa ika-4 na talatang ito kung saan ay nais nating ipaliwanag ang isang bagay: “Mula sa Kaniya na nakaraan, at ngayon, at darating, at may pitong Espiritu... mula sa pitong Espiritu na nasa harapan ng Kaniyang luklukan.” Ngayon, ang “mga Espiritu,” pupuntahan natin ang mga iyan mamaya.

169 Ngayon, ipinahahayag nito, kung inyong papansinin diyan... Ganu’n din sa ika-7 talata, o sa ika-8 talata, heto na naman Siya at nagsabi, naghahayag na muli. Ngayon, masdan n’yo, ang pitong iglesia ay kinakausap, “Mula doon sa kaniya na ngayon, at nang nakaraan, at darating.” Na nakaraan (dati), na ngayon, at darating. Ngayon, ipinahahayag Niya rito ang tatlong luping manipestasyon ng Kaniyang gawa.

170 Ngayon, kung kukunin n’yo ang ika-8 talata, darating tayo rito sa loob lang ng isang sandali, ngunit kunin natin ang ika-8 talata:

*Ako ang Alpha at ang Omega, sabi ng Panginoong Dios, ngayon,... nang nakaraan, at sa darating, ang Makapangyarihan sa lahat.*

171 Ngayon, tinitignan natin ang ika-4 at ika-6 na talata; magkapareho sila. Sa isa ay sinasabi Niya, “Sa Kaniya na nakaraan, na ngayon, na darating.” Ano’ng sinisikap Niyang ilagay sa harapan ng iglesia? Ang Kaniyang Pagkadiyos. Sa araw na ito sinusubukan ng mga taong gawin Siyang isang propeta. Higit Siya sa isang propeta. At may mga tao sumusubok na gawin Siyang tatlong diyos. Hindi Siya tatlong diyos. Siya’y isang Diyos na nabuhay sa tatlong opisina, tatlong manipestasyon ng iisang Diyos.

172 Ngayon, alalahanin n’yo, ito ang kapahayagan, “At sinumang duminig at hindi tumupad ng mga salita ng Aklat na ito, ang bahagi niya ay aalisin sa Aklat ng Buhay.” Hindi ipinahahayag ni Jesus ang Kaniyang Sarili bilang tatlong diyos, kundi isang Diyos na may tatlong opisina. Oh, magiging masustansya ito paglaon kapag pumasok na tayo sa pitong kapanahunang iyon ng iglesia at makikita natin kung saan nila iyon naiwala. Naging dahilan ito ng isang malaking pagkahati sa Nicene Counsil. Kapuwa sila nagpakalalim nang husto.

173 At ganu’ng din muli ang kanilang ginawa sa huling mga araw na ito, para ring pre-Nicene Council, sapagkat magkakaroon muli ng isa pa. Singtiyak ng pagkakatayo ko rito, ang magbubuklod ang mga Catolico at Prostestanteng iglesia sa kung ano’ng bagay o magkakasundo-sundo sila. Tignan n’yo ang arsobispo ng Canterbury na naroroon ngayon, lahat ng iyon ay nagbubunton-bunton na. At walang turong tatlong Diyos sa Biblia. Iisa lang ang Diyos.

174 At naihayag ito dito sa Aklat ng Apocalipsis, upang ang buong aklat ng mga Kasulatang ito ay mapatunayan at sinelyuhan ito ni Cristo. Ito na iyon.



Jesus na umikot sa lahat ng dako na nagpapagaling ng mga tao. At Siya ay namatay, o pinatay Siya ni Pilato, at—at--o si Herod pala ang pumatay sa Kaniya, at ninakaw ng mga alagad ang Kanyang katawan, at itinago. At gabi-gabi pumaparoon sila at humihiwa ng kapiraso nito at kinakain, kaya sila ay mga cannibal.” Ganu’n sila nangungumunyon. Nakikita n’yo ba? Ang karnal na pag-iisip... Hindi dapat pinakikinggan si Josephus.

260 Ngunit ang Foxe “Book of Martyrs,” hayan ang isang maganda at tunay. Foxe “Book of Martyrs,” ilan na ba ang nakabasa nito? Tunay nga. Ang Pemper’s “Early Ages,” o Hislop’s “Two Babylons,” o tunay talagang maganda. O ang pinakamaganda ay ang *Nicene Council*, ang *pre-Nicen Council* at ang *Nicene Council*. At malalaman n’yo ro’n, hindi binanggit kailan man, walang sinumang taong...

261 Kunin n’yo ang Banal na Kasulatan at tignan kung may sinumang nabautismuhan sa Biblia na nabautismuhan gamit ang mga titulong iyon ng “Ama, Anak, at Espiritu Santo.” Nagpapakahulugan ito ng tatlong diyos. Ito’y para sa isang paganong seremonya. At ang Catolosismo ay dili’t iba kundi isang paganong anyo ng Cristianismo. At nanggaling sa iglesiang Catolico sina Martin Luther, John Wesley, ang mga Baptist, Presbyterian, at iba pa.

262 Ngunit sa kalagitnaan ng huling mga araw ay may inilagay na pintuang bukas, na nagbukas muli ng Katotohanan, na “Sinabi ng Biblia.” At ang dakilang propetang nakatakdang dumating sa lupa sa huling mga araw, at naniniwala tayong siya’y darating... Manmanan n’yo, at siya’y magkakaroon ng isang iglesia. Ngayon, makikita natin ito.

263 Ngayon, alalahanin n’yo, ang Apocalipsis ito. Hindi ka maaaring magbawas Dito. Ngayon, napakalaking hamon. Humanap ka ng isang tao sa Biblia, isang lugar na nagbautismo sila ng sinuman sa pangalan ng “Ama, Anak, at Espiriut Santo,” o nagwisik ng sinuman (Hanapin n’yo iyan sa Biblia.) para sa ikapagpapatawad ng kanilang kasalanan. Hindi nila ginawa iyon kailan man. At bawat tao, papaano man sila nabautismuhan, ay kinailangang magpabautismong muli sa Pangalan ni Jesus Cristo upang matanggap ang Espiritu Santo.

264 Mga Gawa 19, “Pagtahak ni Pablo sa matataas na lupain ng Efeso, nakasumpong siya ng ilang mga alagad.” Ang ang sabi niya... “Mga alagad,” nagdadaos sila ng isang malaking pagtitipon. Sinusundan nila ang isang lalaking nagngangalang Apolos, na isang na-convert na abogado, isang Baptist na naniniwala kay Juan Bautista, at pinatutunayan niya sa pamamagitan ng Kasulatan na si Jesus ang Cristo.

Espiritu Santo ay isang maskot." Kapatid, iyan ay paganism. Pagano 'yan. Kung naniniwala kayo sa tatlong diyos...

252 Ang pinakaunang kautusan ay... Ano ang unang utos? "Pakinggan n'yo, O Israel; Ako ang Panginoon n'yong Diyos, nag-iisang Diyos."

253 Iyon 'yon. Siya'y iisang Diyos, hindi tatlo. Nabuhay Siya sa tatlong opisina, naglingkod sa tatlong lugar. Siya'y Propeta, Saserdote, at Hari. Siya'y Agila, Cordero, at Leon. Siya ang Lila ng Lambak, ang Rosa ng Saron, ang Lila ng Lambak, at Tala sa Umaga. Siya ang Ugat at Supling ni David. Siya ang A hanggagn Z. Siya'y Ama, Anak, at Espiritu Santo. Siya ang lahat ng iyon, ngunit Siya'y iisa. Iisa Siyang Diyos. Iyon ay mga titulong patungkol sa Kaniya, ngunit iisa lang ang Diyos.

254 Walang sinumang (saan mang pahina ng Biblia, o sa anumang kasaysayan ng iglesiang Catolico) nabautismuhan sa pamamagitan ng paglubog sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo."

255 Kung maipapakita n'yo sa akin ang pahina o anuman, isulat n'yo at inyong ilapag dito para sa akin mamayang gabi, at lalabas ako sa simbahang ito na nagsasabi, "Ako'y isnag ipokrito; nagturo ako ng mali sa mga tao;" kung makapagpapakita kayo sa akin ng isang teksto ng Kasulatan o madadalhan n'yo ako ng isang kasaysayan, tunay na kasaysayan, na nagpapakita sa akin na may mga taong nabautismuhan sa Biblia sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo"; o kaya'y dalhan n'yo ako ng isang kasul—o isang aklat ng kasaysayan, isang pahina, isang sipi sa kasaysayan kung saan nabautismuhan ang sinuman sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo" liban nang maganap ang Nicene Council ng iglesiang Catolico, dalhin n'yo iyon sa akin; at ako'y magkakabit ng karatula sa aking likuran at lalakad sa buong Jefersonville, at nakasunod kayo sa aking likuran na bumubusina; ilalagay ko ro'n, "Isang bulaang propeta, nanliligaw ng mga tao."

256 At, pastor, kung ikaw ay naririto ngayong umaga at gagawin mo iyon, dapat na hayaan mong gawin ko rin iyon sa iyo. Kita n'yo? Magpapakita ito kung gaano karami ang duwag.

257 Ngayon, ano ito? Ito ang Kapahayagan. Ito ang Kapahayagan. At ito ay ang pagsusugo ni Cristo, ang Espiritu Santo ng Kaniyang Mensahe sa mga iglesia. Pakinggan n'yo. Pakinggan n'yo. Iyan ang itinuturo ng Biblia.

258 Saan ito pumasok? Kung hindi kayo magagalit, at aalis, sa buong sanlinggong ito kayo'y—kunin n'yo ang "Nicene Council," kunin n'yo ang *Hislop's "Two Babylons,"* kunin n'yo...

259 Ngayon, ayos ang kasaysayan ni Josephus, ngunit isang talata lang ang isinulat niya tungkol kay Cristo, aniya, "May isang lalaking nagngangalang



Kung babawasan o dadagdagan ito ng sinuman, siya rin ay aalisin sa Aklat ng Buhay. Kaya't pag-aralan natin ito sa paraang hindi makasarili; pag-aralan natin ito nang may bukas na puso at isipan.

175 Ngayon, sa Nicene Council, humantong sila sa dalawang malaking pagpapasiya tungkol sa... Oh, marami sa kanila sa araw na iyon ng naunang mga magulang ay nagkaroon ng dalawang lumabis na pananaw. Isa dito ay ang pagkakaroon ng tatlong Diyos, Trinitarian. At ang isa naman ay ang iisang Diyos. At kapuwa sila nagsimula noon at naging ibang-iba sa karamihan. Ang *trinity* ay naging lugar ng diyos na may tatlong persona. Ang oneness naman ay naging isang *unitarian*, singmali rin niyaong isa. Kayat pareho silang naiba nang husto, ngunit dito ay maihahayag ang Katotohanan.

176 Hindi maaaring si Jesus mismo ang Kaniyang Sariling Ama. Hindi rin naman... Kung may iba Siyang Ama maliban sa Espritu Santo, kung gayo'y anak Siya sa labas at hindi... SIya ay pinaglihi sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at sinabi Niyang ang Diyos ang Kaniyang Ama. Kaya't ang Espiritu Santo at ang Diyos... Iyan ay sa Mateo 1:18, kung... Dapat isang Persona lang Espiritu Santo at ang Diyos kung hindi'y dalawa ang tatay Niya. At tinawag Siyang Emmanuel, na ang ibig sabihin ay "Sumasaatin ang Diyos." Sinabi Niya nung narito Siya sa ibabaw ng lupa na Siya at ang Ama ay iisa.

177 Isinulat ko lahat ng mga Kasulatan dito nang sa ganu'n ay mahanap n'yo kapag nagkaroon tayo ng ganitong katanungan o iba pa.

178 Ngayon, nang Siya ay maihayag dito bilang tatlong luping opisina ng Kaniyang Persona, "Siya na nakaraan, Siya na ngayon, Siya na darating, ang Makapangyarihan sa lahat." Ngayon, walang tatlong diyos diyan. Iisa ang Diyos.

179 At sa Nicene Council, upang magawa nila ito, kinailangan nilang tanggapin ang *trinity*, sapagkat sa daigdig ng mga Romano marami silang diyos. Nagdarasal sila sa mga namatay nilang ninuno. (Narito sa akin ang kanilang kasaysayan kung saan ay maaari natin itong sipiin. Kita n'yo?) Nagdarasal sila sa kanilang mga namatay na ninuno; kaya nga mayroon silang Santa Cecilia, at Santo Marcus, at Santo, Santo, Santo, Santo, Santo, Santo.

180 Samantalang sinabi ni Apostol Pedro, "Walang ibang tagapamagitan sa Diyos at mga tao, kundi ang Taong si Cristo Jesus.": Isa.

181 Kailangan nilang magkaroon ng isang *trinitarian* na diyos, kaya't sila'y... Mayroon sila dating Jupiter, Mars, Venus. At hindi tamang ilagay ang lahat sa iisang Diyos, kaya't pinaghati-hati na lang nila at ginawa nilang tatlong diyos ang tatlong luping mga opisina ng Diyos.

182 Ngunit malinaw Niyang sinasabi rito sa Apocalipsis kung sino Siya, “Ako ang nakaraan, Ako ang ngayon, at ang darating, ang Makapangyarihan sa lahat.” Pupuntahan natin ito mayamayang kaunti, ang sabi, “Ako ang Alpha at ang Omega (A hanggang Z, ang buong Griegong alpabeto.), ang Lila ng Libis, ang Rosa ng Saron, ang Ama, Anak, Espiritu Santo, ang nakaraan, ang ngayon, at ang darating, Ugat at Supling ni David.” Siya’y Diyos. Ang Diyos na sumasa... I Timoteo 3:16, “Walang pagtatalo dakila ang hiwaga ng kabanalan: ang Diyos ay nahayag sa laman, nakita ng mga anghel, sinampalatayanan sa sanlibutan, tinanggap sa kaluwalhatian.” Ang Diyos, hindi ikatlong persona o isang propeta, kundi ang Diyos Mismo na nahayag sa anyong tao. Ngayon, ito ay isang kapahayagan, tandaan n’yo.

183 Ngayon, and Diyos sa pasimula ay ang dakilang Jehova na nanirahan sa isang Haliging Apoy, nanatili sa ulunan ng Israel at nanguna sa kanila. Iyon ang Diyos, ang Anghel ng Tipan. Nang manaog Siya sa bundok, nag-apoy ang buong kabundukan; lumipad ang apoy mula sa bundok at isinulat ang Sampung Utos. Tinagurian Itong “ang pagiging Ama ng Diyos,” sa Kaniyang mga anak, sa Kaniyang piniling bayang lipi, ang mga Judio.

184 At ang Diyos ding iyon ay nahayag sa isang katawang isinilang ng isang birhen na nilikha Niya sa sinapupunan ni Maria, at nabuhay at nagtabernakulo at nag-unat ng Kaniyang kulandong (sa ganung paraan) sa kalagitnaan ng sangkatauhan. At and Diyos na iyon ay nagkatawang-tao at nanahan sa ating kalagitnaan. Sinabi ito ng Biblia. Ang Diyos ay nakay Cristo. Nanahan kay Jesus ang kapuspusan ng Pagkadiyos sa kahayagan ayon sa laman. Hindi mo Siya maaaring gawing tatlong persona. Huwag kang magbautismo sa tatlong diyos; iisa ang Diyos (Kita n’yo?): isang Diyos.

185 Ngayon, ang Diyos ding ito ay nagkatawang-tao; ang sabi Niya, “Nagmula Ako sa Diyos at magbabalik Ako sa Diyos.” Matapos Niyang mawala sa lupa sa pamamagitan ng Kaniyang kamatayan, libing, at pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa kalangitan, nakatagpo Siya ni Pablo sa daang patungo sa Damasco, nang ang tawag sa kaniya ay Saul pa. At may isang tinig na nagsabi, “Saul, Saul, bakit mo Ako pinag-uusig?”

186 Ang sabi niya, “Sino Ka ba?”

187 Sumagot Siya, “Ako si Jesus.”

188 At isa Siyang Haliging Apoy, isang Liwanag na bumulag sa mga mata ng apostol. Nagbalik Siya sa dati. Ang Jesus ding iyon ay nagbalik muli sa Diyos Ama. Iyan ang dahilan kaya sinabi Niya rito, “Ako ang Makapangyarihan sa lahat,” sa anyong kinaroroonan Niya bago Siya



gapos na gapos ka ng mga kredo hanggang sa akala mo’y nakagapos ka pa rin, mamatay-matay ka na sa gutom (Kita n’yo?), paika-ika ang lakad mo, “Ako’y Presbyterian. Ako’y Methodist. Ako’y Baptist. Ang sabi nila sa akin ako raw ay Church of Christ. Ang mga araw ng himala ay lumipas na; walang ganu’ng bagay.”

243 Ikaw na abang ginutom na uwak, bakit di ka sumama sa amin ngayong umaga? Bakit di ka lumipad? Alleluia. Magbangon kang taglay ang mga pakpak ng umaga, at lumipad ka patungo sa Anak ng Katuwiran na may pagpapagaling sa Kaniyang mga pakpak. Amen. Iyon na ’yon. Iyon na ’yon, *brother*, *sister*. Oh. Ang sinumang kinalagan ng Anak, ay tunay ngang Malaya. Opo.

244 “Buweno, ang pastor ko’y...” Walang anuman ’yan, ang sabi ng Biblia malaya ka na. Tama. Ika’y mlaya na.

245 “Ang iglesia ko...”

246 Buweno, magpakala ka. “Hinugasan tayo at kinalagan sa ating mga denominasyon sa pamamagitan ng Kaniyang Dugo,” at pinalaya tayo upang makapag-isip tayo sa ating sarili, at makagawa sa ating sarili, at makapangusap sa ating sarili, at makakilos sa ating sarili.

247 “Buweno, kung bumalik ako at nagpaalam sa aking pastor na kailangan kong magpabautismo muli, kaniyang...”

248 Papaano naman ito, “Ikaw ay malaya na”? Ito ay isang kapahayagan, alam n’yo. Tama, ika’y malaya na.

249 Kung winisikan ka sa pamamagitan ng lalagyan ng asin nang ganito, sa pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo,” mayroon diyang tangke, nakahanda na ngayong umaga, may tubig na. Kita n’yo? Opo, hindi iyon tama.

250 Kaya’t hindi ka na nakagapos. Ika’y malaya na, ngunit marahil ay hindi mo alam. Ngunit hayaan mong sabihin ko ito sa iyo ngayong umaga; sinabi ng Biblia na kinalagan Niya tayo sa ating mga kasalanan, sa ating di pananampalataya, upang matanggap natin ang Kapahayagan ni Jesus Cristo. Humayo kang malaya... Di kailangang tanggapin mo ang sinasabi ng anumang iglesia tungkol dito. Tanggapin mo kung ano’ng sinasabi ng Diyos tungkol dito. Narito ang Kaniyang Kapahayagan na naghahayag kung Sino Siya.

251 “Dati pa ang paniwala ko ang Diyos Ama ay may mahaba at maputing balbas, puting buhok; at ang Anak ay isang Lalaking di katandaan; at ang

araw ng himala ay lumipas na." Siya nga, nakatali ka lang. Iyon lang. "Walang Espiritu Santo. Hindi na Siya nagsasalita ng iba't ibang wika tula ng dati."

235 Siya'y Diyos. "Sadyang di Siya nagbabago, kahapon, ngayon, at magpakailanman," Hebreo 13:8, nabubuhay sa lahat ng iglesia. Pupuntahin natin iyon pagkatapos ng tagpong ito ngayong umaga. Kita n'yo, Siya'y Diyos na buhay sa bawat kapanahunan ng iglesia. Mabubuhay Siya sa bawat kapanahunan ng iglesia, at mananahan sa Kaniyang bayan sa walang hanggan. Nasa loob na natin ngayon ang Buhay na Walang Hanggan.

236 Heto nga't tinalian nitong denominasyong ito (Kita n'yo?), "Buweno, ang mga araw ng himala ay lumipas na. Walang *Divine healing*." Ang abang nilalang ay nagpalakad-lakad nang paika-ika hanggang sa maging kahabag-habag na at halos di na makalalakad.

237 At isang araw may butihing lalaki na napadaan, at ang sabi niya, "Alam mo, naaawa ako sa abang uwak na iyon. Kung sa bagay, marahil ay nakakakuha naman siya ng kaniyang mais; iyon lang ang kinabubuhay niya; kailangan niyang may makain. Wala naman siyang ibang nalalaman; basta't nariyan lang siya sa labas at kumukuha ng mais." Kaya't kung... Nang magkagayon ay kinuha niya ang kaniyang... At kinuha niya ang kaniyang punyal at kinalagan ang uwak. At alam n'yo...

238 Heto na ang ibang mga uwak, nagdatingan sila at nagsabi, "Tara, Johny Crow. Pumunta tayo sa Timog, paparating na ang taglamig."

239 Alam n'yo kung ano'ng nangyari? Humahayo lang ang uwak hanggang doon sa kaya niyang abutin, at ang sabi niya, "Hindi ko kaya. Hindi na... Sadyang hindi iyon para sa ating sa araw na ito. Sadyang hindi natin iyon magagawa." Kita n'yo? Napakatagal niyang natalian, hanggang sa akala niya ay nakatali pa rin siya. Kita n'yo?

240 At ganiyan din ang maraming mga tao; kayo'y nagapos ng mga kredo at denominasyong mula sa doon sa inang patotot, sinasabi sa inyong si Jesus ay hindi na tulad ng dati, at walang pagpapagaling. Walang bautismo ng Espiritu Santo. Walang ganiyang bagay. Sinasabihan kayo na ang mga... Napakatagal n'yong nagapos hanggang sa iniisip n'yong nakatali pa rin kayo.

241 Ang mabuting Lalaki, si Cristo, ay nag-alay ng Kaniyang Dugo upang malinis at makalagan tayo sa ating kasalanan. Ano ang kasalanan? Hihilingin ko sa kaninoman na sabihin sa akin kung ano ang kasalanan. Ang kasalanan ay di pananampalataya. Tama, "Ang di sumasampalataya ay nahatulan na."

242 At ang iyong kasalanan ang tanging humahadlang sa iyo upang maging malaya. Dahil kinalagan ka na ng Diyos sa iyong di pananampalataya, ngunit



magkatawang-tao. At ang Kaniyang katawan na tinirhan Niya, na kung tawagin ay Jesus, ang Taong kilala natin, si Jesus...

189 Ngayon, tulad ng marami sa inyong mga minamahal na Oneness na nagbabautismo sa ngalan ni "Jesus." Mali kayo. Daan-daan ang mga Jesus sa mundo sa panahong ito, ngunit iisa lang ang Panginoong Jesus Cristo. Isinilang Siyang Cristo. Napakaraming mga Jesus, marami na akong nakilala sa kanila. Ngunit iisa lang ang Panginoong Jesus Cristo; Siya'y Diyos.

190 At ang Ama, Anak, at Espiritu Santo ay hindi mga pangalan; ito'y mga titulo ng iisang Pangalan. Ang sabi, "Magbautismo kayo sa pangalan ng 'Ama, Anak, Espiritu Santo.'" Ang Ama ay hindi pangalan, at ang Anak ay hindi pangalan, at ang Espiritu Santo ay hindi pangalan; ito'y titulo, tulad ng tao, iyon ay ang kung ano ito. Ang Espiritu Santo, isang tao, o isang Espiritu, Espiritu Santo. At sasabihin mo, "Sa pangalan ng Ama." Tignan mo ang mga ama, at ang mga anak na lalaki ng iyong mga anak na lalaki. Tignan mo ang mga taong naririto. Kita n'yo? Ang Ama, Anak, at Espiritu Santo ay hindi pangalan. Ito'y titulong tumutukoy sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo.

191 Ganu'n nagbautismo ang iglesiang apostoliko nung pasimula. At hihilingin ko sa kanino man na maglabas ng isang Kasulatan o ng isang pagkakataon sa kasaysayan na may nagbautismo sa igleisiang Cristiano sa ibang paraan maliban sa Pangalan ni Jesus Cristo hanggang sa mabuo ang iglesiang Catolico at ginamit nila ang "Ama, Anak, at Espiritu Santo" bilang isang kredo. Ngayon, ilabas n'yo ang inyong kasaysayan, ilan sa inyong mga mananalaysay. Tunay nga, walang ganu'n. Matapos ang 304, A.D. 304, saka dumating ang tatluhang bautismo para sa tatluhang Diyos: "Diyos Ama, Diyos Anak, Diyos Espiritu Santo," isa itong paganismo.

192 Bago matapos ang linggong ito babasahin ko ito mula sa mga libro at ipakikita ko sa inyo sa pamamagitan ng Biblia. Pinag-uusapan nating ngayong umaga ang tungkol sa kapahayagan at pinatutunayan kung saan ito pumasok at kung papaano ito nagsimula. Bumalik tayo sa Katotohanan, kapatid; tayo'y nasa huling araw na.

193 Hintayin n'yong dumating tayo sa iglesiang Efeso at ititipo natin ito sa Laodicea, at tignan n'yo kung ano'ng nangyari sa pagitan ng mga ito. Makikita n'yo kung papaanong pumasok nang palihim ang bagay na iyon. Pagdating sa kapanahunan ni Luther, ang sabi, "Mayroon kang pangalan na ipinamumuhay, ngunit ika'y patay." Ang salita mismong "Sardis" ay nangangahulugang "patay." Naiwala nila ang pangalang ito sa labinglimang daang taong panahon ng karimlan. Iningatan ito ng bawat isa sa mga iglesiang iyon hanggang sa dumating ang panahong iyon. At nang idaos nila ang

Nicene Council noong 606... At pinawalang-bisa na nila ang Pangalang iyon at gumawala sila ng tatlong diyos mula Roon.

194 Ang sabi Niya rito, "Ako ang nakaraan, Ako ang ngayon, at ang darating, ang Makapangyarihan sa lahat."

195 Tunay nga, mayroon Siyang tatlong luping Katauhan sa ibabaw ng lupa. Nang Siya ay nasa lupa tatlong lupi ang Katauhan Niya. Sa ibabaw ng lupa Siya ay isang Propeta. Siya rin ay isang Saserdote sa kalangitan. At pagbalik Niya muli sa lupa, magiging isa Siyang Hari: Propeta, Saserdote, at Hari; Siya na nakaraan, ngayon, at darating. "Siya na nakaraan," ay si Jesus, isang Propeta, "Siya na ngayon," ay isang Saserdote, na nag-aalay ng mga espirituwal na paghahandog, isang Punong Saserdote na nahihipo ng ating mga karamdaman, at naglalantad ng Kaniyang Sarili at nagpapatunay na Siya'y nasa ating kalagitnaan: Propeta, Saserdote, at Hari, ngunit iisang Diyos.

196 Nang Siya ay nasa lupa isa Siyang propeta, ang Salita; "ang tapat na saksi," ang tinawag sa Kaniya ng Biblia, di kalaunan; ang isang tapat na saksi ay propeta. Siya ay Saserdote, at nang... Siya'y Saserdote ngayon. At sa pagparito Niya, Siya'y magiging Hari.

197 Kung pupuntahan n'yo at babasahin ang Apocalipsis 15:3, makikita n'yo ito sa Apocalipsis 15:3. Buklatin nga natin at tignan kung ano'ng Kaniyang—kung Siya nga ba'y magiging Hari, kung Siya'y Hari sa Kaniyang pagdating. Ngayon, pupunta tayo sa ika-15 kabanata at sa ika-3 talata.

*At inaawit nila ang awit ni Moises na alipin ng Dios, at ang awit ng Cordero, na sinasabi, Mga dakila at kagilagilalas ang iyong mga gawa, Oh Panginoong Dios, na Makapangyarihan sa lahat; matuwid at tunay ang iyong mga daan, ikaw na Hari ng mga bansa.*

198 Ano Siya sa lupa? Propeta. Papaanong nalaman ng mga taong isa Siyang propeta? Ginawa Niya ang tanda ng Mesias, na isang Propeta. Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon. Papaano nila Siya hindi nakilala? Sapagkat nag-aabang sila ng iba. At ginawa Niya ang tanda ng Mesias, ngunit ayaw nila itong pakinggan. Siya'y isang propeta.

199 Ang sabi ni Moises, "Ang Panginoon ninyong Diyos ay magbabangon ng isang propetang tulad ko. At mangyayaring kapag hindi nila pinakinggan ang Propetang ito, sila'y ihihiwalay mula sa kalagitnaan ng Aking bayan."

200 Isa Siyang propeta sa lupa. Ngayon, sapagkat Siya ay ano? Ang tapat na Saksi ng Salita ng Diyos. Amen. Siya ang Salita ng Diyos na nahayag: unang kabanata ng San Juan.



nakadapo sa bawat isa. Ano ang ginagawa ng Diyos? Pinagpaparte-parte ang Kaniyang Sarili papasok sa iglesia, sa pagitan ng bawat isa, pinagkakalooban ang mga kababaihan, at lahat ng kalalakihan, at lahat sila ng bahagi ng Kaniyang Espiritu, pinaghati-hati ang Kaniyang Sarili sa Kaniyang iglesia.

229 Papaanong magagawa ng isang taong pumarito at magsabing "Ang banal na tao ay ang papa, ang banal na tao ay ang obispo"? Ang banal na Tao ay si Cristo, ang Espiritu Santong nasa atin. Papaano n'yo nagagawang sabihin na walang dapat sabihin ang isang karaniwang mananampalataya? Ang bawat isa sa inyo ay mayroong dapat sabihin. Ang bawat isa sa inyo ay may gawaing dapat tuparin. Bawat isa sa inyo ay dapat magdala ng isang mensahe. Luwalhati.

230 Pinagparte-parte ng Espiritu Santo ang Kaniyang Sarili nung araw ng Pentecoste: Pinaghati-hati ng Diyos ang Kaniyang Sarili, "Sa araw na iyon ay malalaman n'yo na Ako ay nasa Ama, ang Ama ay nasa Akin, Ako ay nasa inyo, ang kayo ay nasa Amin." Sa araw na iyon, ang Espiritu Santo ay mapapasa ibabaw ng lahat, sumasa lahat, at nasa lahat... Amen. Hayan. Ang Espiritu Santo ay may karapatang kumilos saan man Niya naisin, sa kanino man Niya naisin. Hindi mo kailangang tanggapin kung ano ang sinasabi ng kung sinong obispo o kung sinong pari. Siya ang tanging Pari natin (Tama.), isang Punong Saserdote. Ngayon: Propeta, Saserdote, at Hari...

231 Ngayon.

*At... Jesucristo na siyang saksing tapat,... panganay sa mga patay,...* (Pupuntahan natin 'yan.)... *at pangulo ng mga hari ng lupa. Doon sa umibig sa atin, at sa nagkalag sa atin sa ating gma kasalanan sa pamamagitan ng kaniyang dugo.*

232 Ang salitang "naghugas" diyan sa totoo ay nanggaling sa Griego na nangangahulugang "kalagan." Kinalagan Niya tayo sa ating mga... Nakagapos tayo sa lupa sa pamamagitan ng ating mga kasalanan. Hindi tayo makakita no'n, hindi makarinig, wala tayong pagkaunawa tungkol sa langit, o kung anuman. Ngunit nang manaog ang Dugo, nilagot Nito ang tali at tayo'y nakalagan.

233 Oh. Nakabasa ako ng kuwento minsan; marahil ay bumagay nang husto rito. May nahuling uwak ang isang magsasaka, at itinali niya ito. At sabi niya, "Tuturuan ko ng leksiyon ang ibang mga uwak." Kaya't tinalian niya sa paa ang uwak, at ang abang nilalang ay halos mamatay sa gutom. Nanghina siya nang husto, halos di na siya makalakad.

234 Ganiyan ginapos ng ilang mga organisasyon at iglesia ang mga tao. Sadyang hindi magawang... "Buweno, hanggang dito lang kayo. Ang mga

susundan siya ng ibang ibon, siya'y sasambulat, malalagas ang kaniyang mga balahibo, at siya'y mabibiyak. Ano'ng dahilan? Bukod-tangi ang pagkakayari sa kaniya. At ano bang maitutulong sa kaniya na pumanik ng ganu'n kataas kung hindi niya naman makita ang kaniyang ginagawa do'n sa itaas? Kung pag-uusapan natin ang mata ng lawin, dapat kayong makakita ng mata ng isang agila.

224 Ang isang lawin ay maaaring makakita ng isang manok. Tama, 'yan ang problema sa ilang mga lawing ito sa araw na ito. A-ha. Ngunit sinasabi ko sa inyo, ang isang agila ay pumapailanlang nang napaka... Kung susubukan siyang sundan ng isang lawin, mamamatay siya, hindi siya makakahinga. Hindi niya kayang makarating sa mga dakong nararating ng agila. At mayroon siyang matang napakalayo nang naaabot kapag siya'y nasa itaas. Kaya't tinawag ng Diyos na mga agila ang Kaniyang mga propeta. Siya ay umaakyat sa itaas at siya'y isang agila; napakalay ng abot ng kaniyang paningin.

225 At si Cristo sa lupa ay isang Agila. Nang Siya ay mamatay, Siya ay naging isang Saserdote, kaya't Siya'y naging isang Cordero. Tama ba? At sa muli Niyang pagbabalik, Siya'y Hari, kaya't magiging isa Siyang Leon (Amen.), ang Leon ng angkan ni Juda. Amen. Siya ay isang Agila, isang Cordero, at isang Leon (Amen.); Ama, Anak, at Espiritu Santo; Propeta, Saserdote, at Hari; Siya na nakaraan, ngayon, at darating, ang Makapangyarihan sa lahat; Alpha at Omega, mula sa pasimula hanggang sa wakas, ang eternal na Diyos.

226 Nais ko kayong tanungin, ilan sa inyong mga minamahal na Catolico na tumatawag do'n na eternal na Anak ng Diyos. Ang Diyos, ang pagiging eternal na Anak ni Jesus Cristo kasama ng Diyos, papaano n'yo nagagawang magsabi ng ganiyan? Mangmang ako na may pitong gradong aral, ngunit mas mainam ang alam ko riyan. Ang salitang "Anak" ay kailangang magkaroon ng pasimula. Kaya't papaano Siya magiging eternal at isang Anak? Ang *eternity* ay walang pasimula at wakas. Kaya't hindi maaaring maging anak Siya, isang eternal na anak, at pagkatapos ay may pasimula, sapagkat walang eternal na anak. Ang isang anak ay may pasimula, kaya't hindi siya maaaring maging eternal.

227 Kita n'yo kasi, Siya ay eternal na Diyos, hindi eternal na Anak (Luwalhati.), ang Makapangyarihan sa lahat, Jehovah-jireh, Jehovah-rapha na nahayag sa laman, "Sa Kaniya ay nanahan ang Kapuspusan ng Pagkadiyos ayon sa kahayagan ayon sa laman."

228 At sa araw ng Pentecostes, nang manaog ang Haliging Apoy sa mga tao, napansin n'yo ba na pinaghati-hati Nito ang Kaniyang Sarili? At may mga dilang apoy na dumapo sa bawat isa sa kanila: Apoy, tulad sa mga dila, na



*Nang pasimula siya ang Verbo, at ang Verbo ay sumasa Dios, at ang Verbo ay Dios.*

*At nagkatawang-tao ang Verbo, at tumahan sa gitna natin...*

201 Siya ang tunay at tapat na Saksi ng eternal na Salita ng Diyos.

202 Siya ang Salita, ang Salita ng Diyos; at dahil Siya ang Salita, Siya ay isang Propeta. Sapagkat ang Salita ng Diyos ay dumaloy sa Kaniya; ang mga bagay na iyon lamang ang sinasabi Niya. "Wala Akong magagawa sa Aking Sarili, kundi kung ano'ng ipakita sa Akin ng Amang dapat kong gawin. Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa, kundi ang Ama na nananahan sa Akin, Siya ang gumagawa ng mga gawa. Ako at ang Ama ay iisa. Ang Aking Ama ay nasa Akin," ang sabi ni Jesus, ang Tao, ang Tabernakulo.

203 Maraming titulo ang Diyos: Jehova, Jehovah-Jireh, Rapha, Manasses, oh, napakarami. Mayroon Siyang pitong pinagsama-samang Pangalan patungkol sa katubusan. Marami Siyang titulo: Rosa ng Saron, Lila ng Lambak, Tala sa Umaga, Ama, Anak, Espiritu Santo, lahat ng iyon; ngunit may isa Siyang Pangalang tao. Iisa lang ang Pangalan ng Diyos, at iyon ay ang Panginoong Jesus Cristo.

204 Nang isilang Siya bilang Cristong Panginoon, paglaon ng walong araw tinawag ng Espiritu Santo ang Kaniyang Pangalan na Jesus. Pinatuli Siya ng Kaniyang ina, at tinawag Siyang Jesus. Isinilang Siyang Cristo, tulad ng ako ay isinilang na Branham. Isa akong Branham nang ako ay isilang at binigyan ng pangalang William. Amen. At Siya ay isinilang na Cristo na Tagapagligtas, at nang Siya ay walong araw na binigyan Siya ng Pangalang Jesus. At Siya ang Panginoon ng Kaluwalhatian na nahayag, kaya't Siya ang Panginoong Jesus Cristo, ang Diyos ng kaluwalhatiang nahayag sa ating kalagitnaan. Oh, hayan Siya.

205 Sa lupa Siya ay isang Propeta; sa kaluwalhatian Siya'y isang Saserdote; pagdating Niya, Siya'y isang Hari. Oh. Gusto ko iyon: Propeta, tapat na Saksi ng Salita; Saserdote, taglay ang Sarili Niyang Dugo sa harapan ng Diyos; Hari, Hari ng mga banal, hindi hari ng sanlibutan ha; Siya'y Hari ng mga banal. Mayroon tayong mga makalupang hari ng mga tao. Ngunit mayroon din tayong isang Hari at isang Kaharian. Iyon ang dahilan kaya iba tayo kung umasta.

206 Tulad ng sinabi ko di pa katagalan tungkol sa aking maybahay; papunta kami sa tindahan, at halos isang himala ang nakita naming. Tag-araw no'n; may isang babaeng nakadamit. At ang sabi ko, "Kataka-taka iyan." Ang sabi ko, "Kung dala ko lang ang camera ko, lilitratuhan ko ang babaeng iyon." Kita n'yo? Sapagkat tayo'y... Iyon ang unang babaeng nakita naming

nakapalda, alam n'yo na, nakadamit tulad nararapat sa isang dilag. Lahat ng kababaihan...

207 Ang sabi niya, "Buweno, bakit ba, Bill, nagbibihis ng ganu'n ang mga tao natin, dahil ba—inutusan tayo?"

208 Ang sabi ko, "Hindi natin mga tao ito; mga tao ito ng Diyos. Hinihiling sa mga tao ng Diyos ang kabanalan."

209 Ang sabi niya, "Buweno, hindi pa sila nagsisimba?"

210 Ang sabi ko, "May isang babae ro'n, hayun, na kumakanta sa isang *choir* sa isang simbahan dito."

211 "Buweno, kung gayon, bakit ganu'n?"

212 Ang sabi ko, "Sapagkat wala namang ibang itinuro sa kaniya." Tama nga.

213 Hayun ang iglesiang karnal na tatalakayin natin sa linggong ito: iglesiang espirituwal, iglesiang karnal. Lahat sila ay muling nagbabalik sa mga iglesiang gawa ng tao. Sinabi ng Apocalipsis 17 na gagawin nila iyon. Nagbabalikan na sila ngayon, lahat sila ay umaasta ng ganu'n, nag-oorganisa, "Buweno, kami ay ganito. Kami ay nag-oorganisa. Kami'y ganito at kami'y ganiyan." Hindi ganu'n sa pasimula, inaalis lahat ng kapangyarihan sa iglesia at inilalagay sa isang obispo o isang papa. Ang Diyos ay nasa Kaniyang iglesia, sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan, ipinamamalas ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan ng mga mananampalataya at sa lahat ng dako. Ngayon, ngunit sa araw na ito...

214 Ang sabi niya, "Buweno, hindi ba't mga Amerikano tayo?"

215 Ang sabi ko, "Hindi. Nakatira tayo rito, ngunit hindi tayo mga Amerikano. Tayo'y mga Cristiano; ang Kaharian natin ay nasa itaas."

216 At kung ang mga buhay natin ay mula sa itaas, kung gayon ay ganu'n tayo kung kumilos. Sapagkat tayo ay taga... Ang buhay natin ay mula sa isang banal na dako; iba ang itsura nito; iba ito kung manamit. Ang mga kababaihan doon sa itaas ay may mahabang buhok, at hindi sila nagpipintura ng kanilang mukha, at hindi sila nagsusuot ng *shorts*. Nagsusuot sila ng palda at damit na mahaba at bestida, at mahahaba ang kanilang buhok at iba pa. Kaya't ang katangiang galing sa itaas ay naaaninag dito sa atin.

217 Ang mga kalalakihan ay hindi naninigarilyo, nagnganganga, nagsisinungaling, nagnanakaw. Galing sila... Ang kanilang mga espiritu ay mula sa isang banal na dako, na nagpapakilos sa kanila ng may kabanalan, nagpapakilala sa isa't isa bilang magkakakapatid. Kita n'yo? Iyon 'yon. Tayo'y sakop ng isang Kaharian, at mayroon tayong isang Hari. At Siya ang Hari ng mga banal. At ang salitang "banal" ay galing sa salitang "mga pinaging banal."



218 At kapag ang isang tao ay pinaging banal, si Cristo, ang Espiritu Santo, ay pumapasok sa puso at nagiging Hari niyon. Ay, naku. Dapat iyan ay tumimo. Oh, kapag ang pinaging banal na sisidlan ng Diyos ay... Si Cristong Hari, ang Espiritu Santo, ay pumapasok at Kaniyang... May pinaghaharian ang isang hari. Oh. Amen. At ang iyong buong pagkatao ay pinamumunuan ng Hari ng mga banal, isang Kaharian... Ang bawat kaharian sa ibabaw ng lupa ay mauuga, magigiba ng lakas atomika. Ngunit ang sabi ng Biblia, "Nakatanggap tayo ng isang Kahariang hindi matitinag." Amen. Ang Hari ng mga banal...

219 Nais kong pansinin n'yo rin ang mga simbulo ni Cristo sa Bibla at dito sa lupa. Sa lupa Siya ay isang propeta. Naniniwala ba kayo riyan? Ang isang propeta ay Salita. Alam natin 'yan. Ang salitang "propeta" ay nangangahulugang "isang Makalangit na tagapagpaliwanag ng Salita." Ang Makalangit na Salita ay naisulat, at ang propeta ay may Makalangit na Espiritu ng Diyos sa kaniyang kalooban. At, alam n'yo, ang propeta sa Lumang Tipan ay tinawag na "diyos." Ilan ba ang nakaaalam niyan?

220 Ang sabi ni Jesus, "Kung tinawag nila silang mga diyos... Hindi ba't isinulat sa inyong kautusan, sila ay—'Kayo ay mga diyos'? At kung tinawag na mga diyos ang mga dinadatnan ng Salita ng Diyos (ang propeta), papaano Ako hahatulan samantalang sinasabi Kong Ako ang Anak ng Diyos?"

221 Kaya tinawag siyang "diyos," sapagkat dala-dala niya sa kaniyang kalooban ang Salita ng Diyos, ITO ANG SABI NG PANGINOON. Kaya't ang salitang "propeta" ay nangangahulugang... Hindi dapat haluan ang Kaniyang interpretasyon. Kita n'yo? Kung ang Diyos... Ang sabi Niya, "Kung may isa sa inyong espirituwal, isang propeta, Akong Panginoon ay mangungusap sa kaniya. Kung matupad ang sinasabi niya, kung gayon ay dinggin n'yo siya sapagkat Ako'y sumasa kaniya. Ngunit kung hindi matupad, kung gayo'y huwag n'yo siyang pakinggan; hindi Ko siya sinugo. Sa ganiyang paraan natin ito nalalaman. At (Kita n'yo?), ang Makalangit na interpretasyon ng Salita ay kinakailangang umayon sa huling kapahayagang ito sa iglesia.

222 Siya'y Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat. Sa lupa SIya ay isang propeta, samakatuwid ay isang agila. Ilan ba ang nakaaalam na ang propeta ay itinuturing na isang agila?

223 Ang agila ang pinakamalakas na ibong mayroon tayo, pinaka makapangyarihan. Ilan sa mga bagwis nila ay naiuunat ng labing-apat na talampakan sa dulo't dulo. Kaya niyang lumipad nang napakataas na kung